**Pabatid sa Procedural Safeguards**

# Mga Karapatan ng Magulang para sa Maagang Pamamagitan (0-2 Taon) at Espesyal na Edukasyon sa Murang Edad ng Bata (3-5 Taon)

OREGON DEPARTMENT OF EDUCATION

*Oregon achieves . . . together!*

**Office of Student Services**
**255 Capitol Street NE**
**Salem, Oregon 97310**

Ipinipresenta ng dokumentong ito ang procedural safeguards para sa Maagang Pamamagitan (Early Intervention, EI), sa ilalim ng IDEA, Part C, at Espesyal na Edukasyon sa Murang Edad (Early Childhood Special Education, ECSE), sa ilalim ng IDEA, Part B. Para sa EI, ang mga kinakailangan ay nakakatugon sa mga panuntunan ng IDEA na nagkabisa noong Oktubre 2011. Para sa ECSE, ang mga kinakailangan ay tutugon sa Model Procedural Safeguards Notice ng Kagawaran ng Edukasyon ng U.S. (Hunyo 2009). Espesipikong impormasyon tungkol sa Oregon ang ilalaan kung kinakailangan.

Puwedeng dalhin ang mga tanong o komento tungkol sa dokumentong ito sa:

Office of Student Services
Oregon Department of Education
255 Capitol Street
Salem, OR 97310
(503) 947-5782

Available ang dokumentong ito sa elektroniko sa:
http://www.oregon.gov/ode/rules-and-policies/Pages/Procedural-Safeguards.aspx

Patakaran ito ng Lupon ng Edukasyon ng Estado at preyoridad ng Kagawaran ng Edukasyon ng Oregon na hindi magkakaroon ng deskriminasyon o panliligalig dahil sa lahi, kulay, relihiyon, sekso, katayuan ng kasal, sekswal na oryentasyon, bansang pinagmulan, edad o kapansanan sa anumang mga programang pang-edukasyon, mga aktibidad o trabaho. Ang mga taong may mga tanong tungkol sa opurtunidad at kawalan ng deskriminasyon ay dapat makipag-ugnayan sa Oregon Department of Education, 255 Capitol Street NE, Salem, Oregon 97310;

**MGA BATANG MAY KAPANSANAN**

Ang impormasyong nasa buklet na ito para mga magulang ng mga batang karapat-dapat o posibleng karapat-dapat para sa Early Intervention (EI) o Early Childhood Special Education (ECSE) sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA), Part C at B. Hindi lahat ng batang may kapansanan ay karapat-dapat para sa mga serbisyong maaagang pamamagitan (early intervention) o espesyal na edukasyon sa murang edad ng bata (early childhood special education) sa ilalim ng IDEA. May ilang bata na marahil may mga kapansanan na nakakaapekto sa malaking bahagi ng ginagawa nila sa buhay ngunit hindi nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat para sa isa sa mga kategorya ng kapansanan sa ilalim ng IDEA. Posibleng ang mga batang ito ay protektado ng iba't ibang batas ng pederal, tulad ng section 504 ng Rehabilitation Act of 1973 o ng Americans with Disabilities Education Acto (ADA). Napoprotektahan ang mga karapat ng indibidwal sa ilalim ng section 504 tangi lamang sa ilang paraan na katulad at sa ilang paraan ay naiiba sa mga procedural safeguard na inilarawan sa buklet na ito. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa section 504, makipag-ugnayan sa iyong EI/ECSE program o sa espesyalista sa mga karapatang sibil ng ODE.

## Talaan ng mga Nilalaman

Panimula ........ 1
Pakikibahagi ng Magulang ........ 2
Mga Rekord Pang-edukasyon ........ 3
Mga Proteksyon ........ 6
Pahintulot ng Magulang ........ 7
Paunang Nasusulat na Abiso ........ 10
Ebalwasyon at Muling Ebalwasyon ........ 12
Independiyenteng mga Ebalwasyong Pang-edukasyon-ECSE Lamang ........ 13
Paglutas ng mga Di-pagkakaunawaan ........ 14
Mga Bata na Pumapasok sa mga Pribadong Paaralan - ECSE Lamang ........ 24
Disiplina at Paglalagay sa Pansamantalang Alternatibong Setting na Pang-edukasyon-ECSE Lamang ........ 26
Mga Mapagkukunan ........ 31

## PANIMULA

### Para kanino ang buklet na ito?

Nagbibigay ang buklet na ito sa mga magulang ng mga batang may kapansanan mula pagkasilang hanggang kidergarten ng pangkalahatang ideya ng kanilang mga karapatang pang-edukasyon, na tinatawag ding procedural safeguards. Ang buklet na ito ay Abiso ng *Procedural Safeguards* para sa mga magulang at surrogate parents. Ipinag-uutos ng batas ng pederal na dapat malaman mo ang lahat ng tungkol sa procedural safeguards, kahit pa ng mga bagay na bihirang bumangon sa mga batang paslit.

### Kailan ako dapat makakuha ng buklet na ito?

Sinasabi ng batas na dapat ibigay sa iyo itong *Notice of Procedural Safeguards:*

- Isang Beses sa isang Taon;
- Kapag humingi ka ng kopya;
- Sa unang pagkakataon na i-refer ang iyong anak para sa ebalwasyon ng early intervention (EI) o sa early childhood special education (ECSE) o kapag humiling ka ng ebalwasyon at,
- Kapag natanggap ang una mong reklamo o paghiling ng due process sa isang taon ng paaralan; at
- Para sa ECSE, kapag ang pandisiplinang desisyon patungkol sa iyong anak ay nagsasangkot ng pagbabago ng pagkalalagay.

### Ano ang sasabihin sa akin ng buklet na ito?

Sasabihin sa iyo ng buklet na ito ang tungkol sa mga karapatan mo sa early intervention at early childhood special education. Hindi ka bibigyan ng buklet na ito ng detalyadong impormasyon tungkol sa IFSPSs, sa mga serbisyo at programa. Posible kang makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga larangang ito sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa koordinator ng serbisyo, guro, kinatawan ng programa ng iyong anak, o mula sa web site ng Oregon Department of Education (ODE) at sa iba pang mapagkukukunan na nakasulat sa likod ng buklet na ito.

Ginagamit ng buklet na ito ang pananalitang "ahensiyang pampubliko (public agency)" upang mangahulugang distrito ng paaralan, EI/ECSE program o iba pang ahensiyang pampubliko na siyang may pananagutan sa ilang aspeto ng mga serbisyo ng EI/ECSE ng iyong anak.

### Saan nagmula ang mga karapatan na mababasa sa buklet na ito?

Ang Edukasyon ng Indibidwal na may mga Kapansanan (Individual with Disabilities Education Act, IDEA) ay batas sa espesyal na edukasyon ng pederal na nag-uutos sa mga estado na magbigay ng mga serbisyong EI at ECSE sa mga karapat-dapat na batang may kapansanan.

### Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng EI at ECSE?

Ang ibig sabihin ng early intervention (EI) ay mga serbisyo para sa mga batang may kapansanan na mula pagkapanganak hanggang tatlong taong gulang na idinisenyo upang matugunan ang mga pangangailangan sa pag-develop ng bata at ang mga pangangailangan ng pamilya na may kaugnayan sa pagpapahusay ng pag-develop ng

bata. Ibinibigay ang mga serbisyo ng EI sa mga setting na likas o karaniwan sa mga batang walang kapansanan, maliban kung ang bata ay nangangailangan ng mas espesyal na setting. Inilalarawan ang mga serbisyong inilarawan sa IFSP ng iyong anak.

Ang Early Childhood Special Education (ECSE) ay nangangahulugang mga serbisyo upang tugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga batang may kapansanan mula sa edad na tatlo hanggang sa edad ng pagiging karapat-dapat para sa pampublikong paaralan.

Ang mga batang karapat-dapat para sa mga serbisyo ng ECSE ay dapat mabigyan ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education, FAPE). Nangangahulugan ang FAPE na espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo na kinakailangan para makinabang iyong anak sa kanyang pag-aaral. Inilalarawan ang mga serbisyong ito sa IFSP ng iyong anak. Sinasabi ng batas na dapat ilagay ng team ang iyong anak sa "hindi gaanong mahigpit na kapaligiran." Nangangahulugan ito na dapat ilagay ang iyong anak sa pinakakaraniwang uri ng programa na tutugon sa mga pangangailangan ng iyong anak, batay sa IFSP ng iyong anak.

### Ano ang IFSP?

Kumakatawan ang IFSP sa Individualized Family Service Plan. Isang team na kinabibilangan mo, ng mga guro ng iyong anak, at iba pa na nagdidisenyo ng mga serbisyong ito pagkatapos nilang magpasya kung ang iyong anak ay may kapansanan at nakakatugon sa pamantayan para sa espesyal na edukasyon na nasa batas. Inilalarawan ng IFSP ang mga serbisyong ibibigay sa iyong anak. Kasama ka sa IFSP team, mga guro ng iyong anak, at iba pa. Sinusuri ng grupo ng IFSP ang impormasyon sa assessment ng iyong anak, tinutukoy ang mga masusukat na tunguhin para sa iyong anak, at tinutukoy ang mga serbisyo at suportang kailangan ng iyong anak upang maabot ang mga tunguhing iyon. Maaari kang makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga IFSP mula sa service coordinator ng iyong anak, guro o iba pang kawani ng programa.

### Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?

Ang una mong pupuntahan para sa higit na impormasyon ay iyong lokal na EI/ECSE program. Mayroong ilang tao sa programa na makakasagot sa mga tanong tungkol sa mga serbisyo para sa iyong anak, kabilang na ang service coordinator ng iyong anak. Maaari ring makatulong sa iyo ang ibang mga service provider na nakikipagtulungan sa iyong anak. Ang iba pang mga mapagkukunan ay mababasa sa dulo ng buklet na ito.

## PAKIKILAHOK NG MAGULANG

### Sino ang maituturing na "magulang"?

Sa ilalim ng IDEA, ang magulang ay:

- Isang likas na magulang o nag-ampon ng isang bata;
- Isang foster parent (pansamantalang nangangalaga) ng isang bata;
- Isang legal na tagapag-alaga (maliban sa isang ahensya ng Estado) o ibang taong legal na may pananagutan sa kapakanan ng bata;
- Isang indibidwal na gumaganap bilang magulang kapalit ng isang likas o umampon na magulang (kabilang ang lolo't lola, pangalawang magulang, o iba pang kamag-anak) kung saan nakatira ang bata;
- Isang surrogate parent na itinalaga ng pampublikong ahensya o isang hukuman ng kabataan.
- Kung higit sa isang tao ang kwalipikadong gumanap bilang magulang, at ang likas o umampon na magulang ay nagtatangkang gumanap bilang

magulang, ang likas o umampon na magulang ay ipinapalagay na magulang sa ilalim ng IDEA. Gayunpaman:

- Ang panuntunang ito ay hindi kapit kung ang likas o umampon na magulang ay walang legal na awtoridad na gumawa ng mga desisyong pang-edukasyon para sa bata.
- Kung mayroong utos ng hukuman o judicial decree na nagsasaad kung sino ang maaaring gumanap bilang magulang ng isang bata o para gumawa ng mga desisyong pang-edukasyon sa ngalan ng isang bata, ang taong iyon ang magiging magulang para sa mga layunin ng espesyal na edukasyon.

### May karapatan ba akong lumahok sa paggawa ng mga desisyon tungkol sa mga serbisyo ng EI/ECSE ng aking anak?

Oo, mahalaga ang iyong pakikilahok. May karapatan kang lumahok sa mga pagpupulong tungkol sa mga espesyal na pangangailangan, pagsusuri, mga serbisyo ng EI/ECSE ng iyong anak, kung saan tumatanggap ang iyong anak ng mga serbisyo (paglalagay), at iba pang mga bagay na may kaugnayan sa mga serbisyo ng EI/ECSE ng iyong anak. Kabilang dito ang karapatang lumahok sa mga pagpupulong upang bumuo ng IFSP ng iyong anak.

### Ano ang isang surrogate parent (kahaliling magulang) at kailan ito kinakailangan?

Ang surrogate parent ay isa na itinalagang gumawa ng mga desisyong pang-edukasyon para sa isang batang may mga kapansanan sa mga partikular na sitwasyon kung kailan hindi matukoy kung sino ang magulang o hindi matagpuan, o ang bata ay pinuprotektahan ng hukuman. Ang bawat EI/ECSE program ay may pamamaraan sa pagtukoy kung ang isang bata ay nangangailangan ng surrogate parent at para sa pagtatalaga ng surrogate parent sa bata. Ang taong napili bilang kahalili: (1) maaaring walang anumang interes na salungat sa mga interes ng batang kinakatawan niya at (2) dapat magkaroon ng kaalaman at kasanayan na titiyak sa sapat na representasyon ng bata. Nakikilahok sa mga pagpupulong ng IFSP ang kahaliling magulang bilang magulang at taglay niya ang lahat ng karapatan na inilarawan sa buklet na ito.

## MGA REKORD SA EDUKASYON

### Maaari ko bang tingnan ang mga rekord ng edukasyon ng aking anak?

Oo. Dalawang batas, ang Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA) at ang IDEA, ang nagbibigay sa iyo ng karapatang tingnan ang lahat ng rekord ng edukasyon ng iyong anak. Tanungin ang guro, ang koordineytor ng serbisyo o ang administrador ng programa ng iyong anak kung gusto mong tingnan ang mga rekord.

Kung hihilingin mong tingnan ang mga rekord ng iyong anak, dapat itong isaayos ng programa ng iyong anak:

- Nang walang hindi kinakailangang pagkaantala;
- Bago ang anumang pagpupulong tungkol sa IFSP ng iyong anak;
- Bago ang anumang pagdinig na naayon sa batas o (due process hearing) na may kaugnayan sa iyong anak (kabilang ang resolusyong pagpupulong o isang pulong tungkol sa disiplina) na may kaugnayan sa iyong anak; at, sa anumang kaso,
- Para sa EI: Sa loob ng 10 araw mula ng paghiling mo nito;
- Para sa ECSE: Sa loob ng 45 araw mula sa paghiling mo nito.

Karaniwan na, ang mga paghiling na tingnan ang mga rekord ng edukasyon ay ginagawa sa administrador ng programa. Kabilang sa karapatan mo na magsiyasat at magrepaso ng mga rekord ng edukasyon ang:

1. Karapatan mo tugunin ng EI/ECSE program sa iyong mga makatwirang kahilingan ng mga paliwanag at interpretasyon ng mga rekord;

2. Karapatan mo na humiling na bigyan ka ng EI/ECSE program ng mga kopya ng mga rekord kung hindi mo masuri at marepaso nang mahusay ang mga rekord maliban kung matatanggap mo ang mga kopyang iyon; at,
3. Kkarapatan mo na siyasatin at suriin ng iyong kinatawan ang mga rekord.

Maaaring ipalagay ng EI/ECSE program na mayroon kang awtoridad na siyasatin at repasuhin ang mga rekord na may kaugnayan sa iyong anak maliban kung sinabi na wala kang awtoridad sa ilalim ng

naaangkop na batas ng Oregon na namamahala sa mga bagay tulad ng pangangalaga, o paghihiwalay at diborsyo.

Bawat EI/ECSE program ay dapat magtago ng rekord ng mga partido na humihingi ng access ng mga rekord ng edukasyon na kinolekta, iningatan, o ginamit sa ilalim ng IDEA (maliban sa pag-access ng mga magulang at awtorisadong empleyado ng kalahok na ahensya), kasama ang pangalan ng partido, petsa kung kailan ibinigay ang access, at ang layunin kung saan pinahintulutan ang partido na gamitin ang mga rekord.

Kung ang anumang rekord ng edukasyon ay may kasamang impormasyon sa higit sa isang bata, ang mga magulang ng mga batang iyon lamang ang may karapatan na magsiyasat at magrepaso ng impormasyong may kaugnayan sa kanilang anak o makaalam sa partikular na impormasyong iyon.

Kapag hiniling, dapat kang bigyan ng EI/ECSE program ng isang listahan ng mga uri at lokasyon ng mga rekord ng edukasyon na kinolekta, iningatan, o ginagamit ng ahensya.

Posibleng may sisingiling fee ang Programang EI/ECSE para sa mga kopya ng mga rekord na ginawa para sa iyo sa ilalim ng IDEA, kung ang halaga ay hindi makakapigil sa iyo na gamitin ang iyong karapatang magsiyasat at suriin ang mga rekord na iyon. Posibleng hindi maningil ang EI/ECSE program ng halaga para maghanap o kumuha ng impormasyon sa ilalim ng IDEA.

Gayunpaman, para sa EI, kung gagawin nila ito, dapat ibigay ng iyong EI/ECSE program nang libre:

1. Isang paunang kopya ng rekord ng early intervention (EI) ng bata;
2. Isang kopya ng bawat ebalwasyon, assessment sa iyong anak, assessment sa pamilya, at IFSP sa lalong madaling panahon pagkatapos ng bawat IFSP.

**Ano ang maaari kong gawin kung gusto kong itama ang mga rekord ng edukasyon ng aking anak?**

Para sa EI: Kung naniniwala ka na hindi tumpak, mapanlinlang, o lumalabag sa privacy o sa iba pang karapatan ng iyong anak ang impormasyon sa mga rekord ng edukasyon tungkol sa iyong anak o sa iyong sarili bilang isang magulang, maaari kang humiling sa EI/ECSE program na nag-iingat ng impormasyon na baguhin ito.

Para sa ECSE: Kung naniniwala ka na hindi tumpak, mapanlinlang, o lumalabag sa privacy o sa iba pang karapatan ng iyong anak ang impormasyon sa mga rekord ng edukasyon tungkol sa iyong anak, maaari kang humiling sa EI/ECSE program na nag-iingat ng impormasyon na baguhin ito.

Dapat magpasya ang EI/ECSE program kung babaguhin ang impormasyon alinsunod sa iyong kahilingan sa loob ng makatwirang yugto ng panahon ng pagtanggap ng iyong kahilingan. Kung tumanggi ang EI/ECSE program na baguhin ang impormasyon ayon sa iyong hiniling, dapat ipaalam nila sa iyo ang pagtanggi at ang iyong karapatan sa pagdinig.

Kapag hiniling, dapat kang bigyan ng EI/ECSE program ng pagkakataon sa isang pagdinig na hamunin ang impormasyon ng mga rekord ng edukasyon tungkol sa iyong anak upang patunayan na hindi ito tumpak, na mapanlinlang ito, o lumalabag ito sa privacy o iba pang mga karapatan ng iyong anak.

Dapat isagawa ang pagdinig ng paghamon sa impormasyon na nasa mga rekord ng edukasyon ayon sa mga procedure ng gayong pagdinig sa ilalim ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA).

Kung, bilang resulta ng pagdinig, nagpasya ang EI/ECSE program na ang impormasyon ay hindi tumpak, mapanlinlang o kung lumalabag sa privacy o iba pang mga karapatan ng bata, dapat nitong baguhin ang impormasyon at ipaalam sa iyo sa pamamagitan ng sulat.

Kung, sa resulta ng pagdinig, nagpasya ang EI/ECSE program na ang impormasyon ay tumpak, hindi mapanlinlang, o hindi lumalabag sa privacy o iba pang mga karapatan ng iyong anak, dapat nilang ipaalam sa iyo ang iyong karapatang ilagay sa mga rekord na pinapanatili nito sa iyong anak ang isang pahayag na nagkokomento sa impormasyon o nagbibigay ng anumang mga dahilan na hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng programa EI/ECSE.

Dapat na ang iyong paliwanag ay:

1. Panatilihin ng EI/ECSE program bilang bahagi ng mga rekord ng iyong anak hangga't ang rekord o pinagtatalunang bahagi nito ay pinananatili ng rogramang EI/ECSE; **at**,
2. Kung isinisiwalat ng EI/ECSE program ang mga rekord ng iyong anak o ang hinamon na bahagi nito sa alinmang partido, dapat ding isiwalat ang paliwanag sa partidong iyon.

**Ano ang "personal na nagpapakilalang" impormasyon?**

Binigyang kahulugan kung ano ang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan sa FERPA, 34 CFR 99.1 hanggang 99.38, na nagpoprotekta sa mga rekord ng mga batang may kapansanan, kabilang ang early intervention at mga rekord ng early childhood special education. Ginamit din ng IDEA, ang kahulugan ng "mga rekord ng edukasyon" na makikita sa 34 CFR Part 99, FERPA. Para sa EI, ang terminong mga rekord ng edukasyon ay nangangahulugang mga rekord ng early intervention.

Kasama sa impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan ang impormasyon tulad ng:

(a) Pangalan ng iyong anak, pangalan mo bilang magulang, o pangalan ng ibang miyembro ng pamilya;

(b) Address ng iyong anak;

(c) Isang personal na pagkakakilanlan, gaya ng numero ng social security o numero ng estudyante ng iyong anak;

(d) Isang listahan ng mga personal na katangian o iba pang impormasyon na magpapangyaring makilala ang iyong anak nang may katumpakan;

(e) Iba pang impormasyon, gaya ng petsa ng kapanganakan ng iyong anak, lugar ng kapanganakan, at pangalan ng noong dalaga pa ang ina.

**Kumpidensyal ba ang mga rekord ng edukasyon ng aking anak?**

Oo, pinoprotektahan din ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA) at IDEA ang pagiging kumpidensyal ng mga rekord ng edukasyon ng iyong anak at ang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan.

Dapat protektahan ng bawat EI/ECSE program ang pagiging kumpidensyal ng impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan sa mga panahon ng pagkolekta, pag-iingat, pagsisiwalat, at pagsira.

Dapat gumanap ng pananagutan ang isang opisyal sa bawat kalahok na ahensya para tiyaking magiging kompidensiyal ang anumang nagbibigay ng personal na pagkakakilanlang impormasyon.

Dapat makatanggap ng pagsasanay o pagtuturo ang lahat ng nangongolekta o gumagamit ng impormasyong makapagpapakilala sa indibidwal tungkol sa mga patakaran at procedure ng Oregon may kinalaman sa pagiging kumpidensyal sa ilalim ng IDEA at ng FERPA.

Dapat magpanatili ang bawat EI/ECSE program, para sa pampublikong inspeksyon, ng isang kasalukuyang listahan ng mga pangalan at posisyon ng mga empleyado sa loob ng ahensya na maaaring magkaroon ng access sa impormasyong makapagpapakilala sa indibidwal.

Maliban kung ang impormasyon ay nakapaloob sa mga rekord ng edukasyon, at ang pagsisiwalat ay awtorisado kahit walang pahintulot ng magulang sa ilalim ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA), dapat kang magbigay ng nakasulat na pahintulot bago isiwalat ang impormasyong makakapagpakilala sa indibidwal sa mga partido maliban sa mga opisyal ng EI/ECSE program ng iyong anak.

Maliban sa mga sitwasyong tinukoy sa ibaba, hindi kailangan ang iyong pahintulot bago ilabas ang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan sa mga opisyal ng mga kalahok na ahensya para sa layuning matugunan ang kinakailangan ng IDEA.

Para sa ECSE: Kung napatala mo ang iyong anak sa isang pribadong paaralan na hindi matatagpuan sa distrito ng paaralan ding iyon kung saan ka nakatira, dapat makuha ang iyong pahintulot bago ilabas ang anumang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan tungkol sa iyong anak sa pagitan ng mga opisyal sa distrito ng paaralan kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan at mga opisyal sa distrito ng paaralan kung saan ka nakatira.

## MGA PAGSASANGGALANG

Sa pangkalahatan, dapat kang magbigay ng nakasulat na pahintulot sa mga tao maliban sa mga opisyal ng EI/ECSE program ng iyong anak na titingin sa mga rekord ng edukasyon ng iyong anak maliban kung ang pagsisiwalat ay awtorisado kahit walang pahintulot ng magulang sa ilalim ng FERPA at, para sa EI, sa ilalim ng IDEA.

Sa pangkalahatan, awtorisado ng FERPA na ilabas ang mga rekord ng iyong anak nang walang pahintulot mo sa:

- Mga guro at iba pang kawani ng programa na may "lehitimong interes sa edukasyon;"
- Isa pang programa, distrito o ahensyang pang-edukasyon kung ikaw ay lilipat o kumukuha ng mga serbisyo mula sa distrito o ahensyang iyon.

Maari ring ilabas ang mga rekord ng iyong anak nang walang pahintulot mo sa mga limitadong pagkakataon gaya ng inilarawan sa family education rights and privacy act (FERPA). Halimbawa, hindi kinakailangan ang iyong nakasulat na pahintulot upang makasunod sa isang utos ng hukuman, o sa isang emergency sa kalusugan o kaligtasan. Maaaring ilabas ang ilang impormasyon, tulad ng pangalan, address, at aktibidad ng iyong anak, bilang "impormasyon ng direktoryo" **KUNG** hindi ka pa pumirma sa isang papel na tumatanggi sa paglabas ng impormasyon ng direktoryo. Makipag-ugnayan sa iyong programa para sa isang kopya ng kumpletong patakaran sa mga rekord ng iyong programa.

Dapat ipaalam sa iyo ng iyong EI/ECSE program kapag hindi na kailangan ang personal na pagkakakilanlan na nakolekta, iningatan, o ginamit upang magbigay ng mga serbisyo ng EI/ECSE sa iyong anak o hindi na kinakailangan na panatilihin sa ilalim ng naaangkop na mga batas ng Pederal at Estado.

Dapat sirain ang impormasyon kapag hiniling mo. (Nangangahulugan ang pagsira ng pisikal na pagsira o pagtanggal ng mga personal na pagkakakilanlan mula sa impormasyon upang ang impormasyon ay hindi na makapagbibigay ng pagkakakilanlan.)

Gayunpaman, posibleng magpanatili nang walang takdang panahon ng permanenteng rekord ng pangalan, address, at numero ng telepono ng iyong anak at paglahok sa EI/ECSE. Para sa EI, maaari ring isama sa permanenteng rekord ang mga pangalan ng mga kordineytor ng serbisyo at mga provider ng EI, data ng pag-alis (kabilang ang taon at edad noong umalis, at anumang mga programang inilagay noong umalis.

## PAHINTULOT NG MAGULANG

### Ano ang ibig sabihin ng "pahintulot"?

Ano *pahintulot* ay nangangahulugang:

1. Ikaw ay ganap na nabigyan ng kaalaman sa iyong sariling wika o iba pang paraan ng komunikasyon (tulad ng sign language, Braille, o oral na komunikasyon) ng lahat ng impormasyon tungkol sa aksyon kung saan ka nagbibigay ng pahintulot.
2. Naiintindihan mo at sumasang-ayon ka sa sulat sa aksyon na iyon, at inilalarawan ng pahintulot ang aksyon na iyon at inililista ang mga rekord (kung mayroon) na ilalabas at kung kanino ilalabas; **at**
3. Nauunawaan mo na ang pahintulot ay boluntaryo sa iyong bahagi at maaari mo itong bawiin anumang oras.

### Kailangan ba ang aking pahintulot para sa pagsusuri ng aking anak?

Oo. Dapat kang bigyan ng pampublikong ahensiya ng nakasulat na paunawa at kumuha ng nakasulat na pahintulot na nauunawaan mo kung ano ito bago nila masuri o muling masuri ang iyong anak. Dapat ipaalam sa iyo ng pampublikong ahensya ang tungkol sa mga pagsusuri na gagamitin sa iyong anak.

Ang iyong pahintulot para sa paunang pagsusuri ay hindi nangangahulugan na ibinigay mo na rin ang iyong pahintulot na simulan ng programa ng ECSE ang pagbibigay ng mga serbisyo ng ECSE sa iyong anak.

### Mayroon bang anumang eksepsyon kung kailan kailangan ang aking pahintulot para sa pagsusuri sa aking anak?

Oo. Ang pahintulot ng magulang ay hindi kailangan bago (1) suriin ang umiiral na impormasyon bilang bahagi ng isang pagsusuri o muling pagsusuri;(2) pagbibigay ng pagsusuri o ebalwasyon na ibinibigay sa lahat ng bata (maliban kung kailangan ng pahintulot ng lahat ng magulang ng mga bata bago isagawa ang pagsusuri) o (3) pagsasagawa ng mga ebalwasyong pagsusuri, procedure o mga instrumento na tinukoy sa IFSP ng bata bilang pagsukat sa pagtukoy sa pagsulong.

Isa pa, para sa ECSE, maaaring muling suriin ng pampublikong ahensya ang iyong anak nang wala ang iyong nakasulat na pahintulot kung gumawa ito ng mga makatwirang hakbang upang makuha ang iyong pahintulot ngunit hindi ka tumugon. Ipinag-uutos pa rin ng mga regulasyon ng estado ang pahintulot ng magulang bago magbigay ng intelligence o personality test.

### Maaari ko bang hindi payagan na suriin o suriing muli ang aking anak?

Oo, maaari kang tumangging payagan na suriin o suriing muli ang iyong anak. Upang maiwasan ang kalituhan, dapat ipaalam mo sa pampublikong ahensiya, sa sulat, kung gusto mong tumangging pahintulutan.

Para sa ECSE: Kung tumanggi kang magbigay ng pahintulot para sa pagsusuri ng muling pagsusuri, maaaring hilingin ng pampublikong ahensya na suriin ang iyong anak sa pamamagitan ng due process hearing kung naniniwala silang kailangan ang pagsusuri ng iyong anak. Ikaw at ang pampublikong ahensya ay maaaring sumang-ayon na subukan magkaroon ng tagapamagitan upang malutas ang inyong mga hindi

pinagkakasunduan. Tulad ng mga inisyal na ebalwasyon, hindi nilalabag ng programa ng ECSE ang mga pananagutan nito sa ilalim ng IDEA kung hindi nito gagawin ang muling pagsusuri sa ganitong paraan.

**Maaari ko bang bawiin ang aking pahintulot sa ebalwasyon?**

Pagkatapos mong bigyan ang pampublikong ahensiya ng nakasulat na pahintulot na suriin o muling suriin ang iyong anak, maaari mong bawiin ang iyong pahintulot para lamang sa mga aktibidad sa pagsusuri na hindi pa natatapos.

**Kinakailangan ba ang aking pahintulot para makatanggap ang aking anak ng mga serbisyong EI?**

Oo, dapat mong ibigay ang iyong may kabatirang nasusulat na pahintulot bago makapagbigay ang programa ng mga serbisyong EI sa iyong anak. Kinakailangan ang iyong pahintulot para sa bawat serbisyong EI na inilarawan sa IFSP ng iyong anak. Kung hindi mo tatanggapin o tatanggihan mo ang isang serbisyo, hindi ibibigay ang serbisyong iyon. Ang iba pang mga serbisyong EI ay ibibigay pa rin.

**Kinakailangan ba ang aking pahintulot para makatanggap ang aking anak ng mga serbisyong ECSE?**

Oo, ang ECSE ay isang espesyal na programa pang-edukasyon. Dapat mong ibigay ang iyong may kabatirang nasusulat na pahintulot bago mailagay ng programa ang iyong anak sa ECSE program sa unang pagkakataon. Kapag pumayag ka para sa mga serbisyo ng ECSE, pumapayag ka rin na makibahagi ang iyong anak sa mga serbisyo ng Part B IDEA, na kinabibilangan ng mga serbisyong espesyal na edukasyon sa edad ng bata na pampaaralan kung ang iyong anak ay patuloy na magiging karapat-dapat sa edad na pampaaralan.

**Pahintulot sa Paggamit ng Mga Pampublikong Benepisyo at Insurance (tulad ng Medicaid) para sa mga Bata sa mga programa ng ECSE (ibig sabihin, mga batang may edad 3-21)**

Kinakailangan ang may kabatiran at nasusulat na pahintulot bago ma-access ng programa ng ECSE ang iyong pampublikong insurance (Hal. Medicaid) sa unang pagkakataon. Dapat tukuyin ng pahintulot na ito ang: (a) ang impormasyong makapagpapakilala sa indibidwal na maaaring isiwalat (Hal. mga rekord ng impormasyon tungkol sa mga serbisyong maaaring ibigay); (b) ang layunin ng pagsisiwalat (Hal. pagsingil para sa mga serbisyo); at (c) ang ahensya kung saan ito maaaring isiwalat (E.g. Medicaid) Dapat ding tukuyin ng pahintulot na nauunawaan at sumasang-ayon ang magulang na maaaring ma-access ng pampublikong ahensiya ang mga pampublikong benepisyo o insurance ng bata o magulang upang mabayaran ang mga serbisyo.

Dapat kang bigyan ng mga Distrito ng Paaralan ng nakasulat na abiso bago hilingin ang pahintulot na ito at bago ma-access ang mga benepisyong pampubliko ng bata o magulang sa unang pagkakataon. Dapat ding ibigay sa iyo ng Distrito ng Paaralan ang nakasulat na abisong ito **taun-taon** pagkatapos makuha ang pahintulot na gamitin ang mga pampublikong benepisyo.

**Kinakailangan ba ang aking pahintulot bago magamit ang mga benepisyong pampubliko o pampribado o insurance para sa mga serbisyong EI/ECSE?**

Ibinibigay ang mga serbisyo ng EI/ECSE para sa iyong anak nang wala kang babayaran o ang iyong pamilya. Gayunpaman, maaaring hilingin ng iyong programang nagbibigay ng mga serbisyo na singilin ka o ang pampublikong insurance o mga benepisyo ng iyong anak (gaya ng Medicaid o Oregon Health Plan) o pribadong insurance upang tumulong sa pagbabayad para sa mga serbisyong EI/ECSE. Dapat na nasa iyong programa ang iyong nasusulat na pahintulot para magawa iyon. Kung ang iyong anak ay tatlong taong gulang pataas, mababasa sa itaas ang kinakailangang pahintulot at impormasyon ng abiso.

Hindi ka maaaring singilin ng pampubliko o pribadong insurance ng iyong anak para sa

mga serbisyong karapat-dapat na matanggap ng iyong anak nang walang bayad gaya ng:

1. Mga pagsusuri at assessment ng iyong anak;
2. Koordinasyon ng serbisyo para sa iyo o sa iyong anak;
3. Ang pag-develo, pagrepaso at ebalwasyon ng mga IFSP.

Kung ibibigay mo ang iyong pahintulot na masingil ka ng insurance mo o ng iyong anak para sa mga serbisyo na babayaran ng iyong programa para sa mga gastos gaya ng mga deductible o copayment na nauugnay sa mga serbisyong iyon. Kung hindi ka sumasang-ayon sa mga gastos na nauugnay sa pagsingil sa insurance, maaari mong gamitin ang alinman sa mga prosesong nakabalangkas sa "Paglutas ng mga Hindi Pinagkakasunduan."

Walang karagdagang gastos para sa mga serbisyo sa mga pamilyang may pampubliko o pribadong insurance. Hindi iaantala ang mga serbisyo o tatanggihan dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad o sa iyong pagtangging pahintulotan na ma-access ang iyong pampubliko o pribadong insurance.

**Maaari ko bang tanggihan ang pahintulot na makatanggap ang aking anak ng mga serbisyong ECSE?**

Oo, maaari mong tanggihan ang pahintulot para sa unang paglalagay ng iyong anak sa espesyal na edukasyon. Upang maiwasan ang kalituhan, dapat mong ipaalam sa programa, sa sulat, kung gusto mong tanggihan ang pahintulot.

Kung gusto mong bawiin (kanselahin) ang iyong pahintulot pagkatapos na magsimulang makatanggap ang iyong anak ng mga serbisyong ECSE at mga kaugnay nito, dapat mong gawin ito sa pamamagitan ng sulat. Hindi pinapawalang-bisa (undo) ng iyong pagbawi ng pahintulot ang isang pagkilos na naganap pagkatapos mong ibigay ang iyong pahintulot ngunit bago mo gawin ang pagbawi. Dagdag pa rito, hindi kinakailangang amyendahan (baguhin) ng ECSE Program ang mga rekord ng edukasyon ng iyong anak para alisin ang anumang mga reperensiya na natanggap ng iyong anak sa ECSE at mga kaugnay na serbisyo pagkatapos ng iyong pagbawi ng pahintulot.

Kung hindi ka tumugon sa paghiling na ibigay mo ang iyong pahintulot para makatanggap ang iyong anak ng mga serbisyong ECSE at mga kaugnay nitong serbisyo sa unang pagkakataon, o kung tumanggi kang magbigay ng gayung pahintulot o sa kalaunan ay bawiin (kanselahin) ang iyong pahintulot sa pamamagitan ng pagsulat, maaaring hindi gamitin ng iyong ECSE Program ang mga procedural safeguards (hal., pamamagitan, reklamo sa due process, pagtugon sa kalutasan, o walang kinikilingang due process hearing) para makakuha ng kasunduan o desisyon na ang ECSE at mga kaugnay na serbisyo (inirerekomenda ng IFSP Team ng iyong anak) ay maaaring ibigay sa iyonganak nang walang pahintulot mo.

Kung tumanggi kang ibigay ang iyong pahintulot para makatanggap ng serbisyong ECSE ang iyong anak sa unang pagkakataon, o kung hindi ka tumugon sa kahilingan na magbigay ng ganoong pahintulot o sa ibang pagkakataon ay bawiin (kanselahin) ang iyong pahintulot, sa sulat, at ang ECSE program ay hindi nagbibigay ng iyong anak ng mga serbisyong ECSE kung saan hinihingi nito ang iyong pahintulot, na siyang programa ng ECSE:

1. Ay hindi paglabag sa kinakailangan sa paggawa ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) na available sa iyong anak dahil sa pagkabigo nitong nitong ibigay ang mga serbisyong iyon sa iyong anak; **at**,
2. Ay hindi kinakailangang para magkaroon ng pagpupulong ng IFSP o mag-develop ng IFSP para sa iyong anak para sa mga serbisyo ng ECSE kung saan hiniling ang iyong pahintulot.

Kung babawiin mo (kakanselahin) ang iyong pahintulot, sa sulat, sa anumang oras pagkatapos unang ibigay sa iyong anak ang mga serbisyong ECSE at mga kaugnay na serbisyo, kapag nangyari ito, hindi maaaring magpatuloy ang ECSE Program sa pagbibigay ng mga naturang serbisyo, ngunit dapat magbigay sa iyo ng paunang nakasulat na paunawa, gaya ng inilarawan sa ilalim ng heading na **Paunang Nakasulat na Paunawa**, bago ihinto ang mga serbisyong iyon.

**Mga espesyal na tuntunin para sa paunang pagsusuri sa mga pinuprotektahan ng Estado**

Kung ang isang bata ay pinuprotektahan ng estado at hindi naninirahan kasama ng magulang, hindi kailangan ng programa ng ECSE ng pahintulot mula sa magulang para sa isang paunang ebalwasyon upang matukoy kung ang bata ay isang batang may kapansanan kung:

1. Sa kabila ng makatwirang pagsisikap na gawin ito, at hindi mahanap ng programa ng ECSE ang magulang ng bata;
2. Winakasan na ang mga karapatan ng mga magulang alinsunod sa batas ng Estado; **o**,
3. Inatasan ang isang hukom ng karapatang gumawa ng mga desisyong pang-edukasyon at magbigay ng pahintulot para sa isang inisyal na ebalwasyon sa isang indibidwal maliban sa magulang.

*Pinuprotektahan ng Estado,* gaya ng ginamit sa IDEA, ay nangangahulugang isang bata na, ayon sa tinutukoy ng Estado kung saan nakatira ang bata, ay:

1. Isang batang ampon;
2. Itinuturing na protektado ng estado sa ilalim ng batas ng estado; **o,**
3. Nasa kustodiya ng pampublikong ahensya para sa kapanan ng bata.

Hindi kabilang sa Ward of the State (pinuproktahan ng Estado) ang isang batang ampon na may magulang na nag-ampon. Sa Oregon, ang isang protektado ng estado ay isang bata na pansamantala o permanenteng nasa kustodiya ng, o commited sa, Department of Human Services sa pamamagitan ng aksyon ng juvenile court.

**Iba pang mga kinakailangan sa pahintulot – ECSE**

Dapat magtago ang programa ng ECSE ng mga rekord ng mga makatwirang pagsisikap upang makakuha ng pahintulot ng magulang para sa mga unang pagsusuri, upang magbigay ang mga serbisyo ng ECSE sa unang pagkakataon, upang muling masuri at upang mahanap ang mga magulang ng mga pinuprotektahan ng estado para sa mga unang pagsusuri. Dapat kasama sa dokumentasyon ang rekord ng mga pagsisikap na makontak ng programa ng ECSE sa mga larangang ito, tulad ng:

1. Mga detalyadong tala ng mga tawag sa telepono na ginawa o sinubukan at ang mga resulta ng mga tawag na iyon;
2. Mga kopya ng sulat na ipinadala sa mga magulang at anumang mga tugon na natanggap; **at**,
3. Mga detalyadong rekord ng mga pagbisitang ginawa sa tahanan o lugar ng trabaho ng magulang at ang mga resulta ng mga pagbisitang iyon.

Maaaring hindi gamitin ng iyong EI/ECSE program ang iyong hindi pagpayag sa isang serbisyo o aktibidad upang tanggihan ka o ang iyong anak ng anumang iba pang serbisyo, benepisyo, o aktibidad.

Kung naipatala mo ang iyong anak sa isang pribadong preschool sa sarili mong gastos at hindi mo ibinibigay ang iyong pahintulot para sa unang pagsusuri ng iyong anak o sa muling pagsusuri ng iyong anak, o hindi ka tumugon sa isang kahilingang ibigay ang iyong pahintulot, maaaring hindi gamitin ng ECSE program.ang mga override procedure ng pahintulot nito (ibig sabihin, pamamagitan, o isang walang kinikilingan due process hearing) at hindi kinakailangang isaalang-alang ang iyong anak bilang karapat-dapat na tumanggap ng mga patas na serbisyo (mga serbisyong ginawang available sa mga batang may kapansanan na ipinasok ng magulang sa pribadong paaralan).

## PAUNANG NASUSULAT NA PAUNAWA

Dapat kang bigyan ng iyong EI/ECSE program ng nasusulat na paunawa (bigyan ka ng ilang partikular na impormasyon sa sulat), sa tuwing:

1. Iminumungkahi nila na simulan o baguhin ang pagkakakilanlan, pagsusuri, o edukasyonal na paglalagay ng iyong anak, o pagbibigay ng mga serbisyo ng maagang interbensyon para sa isang bata mula pagkapanganak hanggang sa tatlong taong gulang ng bata o sa pagbibigay ng isang libreng naaangkop na

pampublikong edukasyon (FAPE) para sa isang batang edad tatlo – lima; **o**

2. Tumatangging simulan o baguhin ang pagkakakilanlan, pagsusuri, o paglalagay sa edukasyon ng iyong anak, o pagbibigay ng mga serbisyo ng maagang interbensyon para sa isang bata mula pagkapanganak hanggang tatlong taong gulang o pagbibigay ng FAPE sa mga batang edad tatlo hanggang limang taong gulang.

**Kailan ka dapat bigyan ng programa ng paunang nasusulat na paunawa?**

Bilang karagdagan sa pagiging kinakailangan ng kalahok sa paggawa ng desisyon, may karapatan kang ipaalam sa iyo ng programa, sa sulat, ang tungkol sa mahahalagang desisyon na makakaapekto sa mga serbisyo ng EI/ECSE ng iyong anak sa isang makatwirang oras bago maisagawa ang mga desisyong iyon. Kabilang dito ang mga desisyon na:

- Kilalanin ang iyong anak bilang isang batang may kapansanan, o baguhin ang pagiging karapat-dapat ng iyong anak mula sa isang kapansanan patungo sa isa pa;
- E-evaluate o muling e-evaluate ang iyong anak;
- Para sa EI, magbigay ng mga serbisyong maagang interbensyon sa iyong anak o baguhin ang isang bahagi ng mga serbisyo ng EI ng iyong anak;
- Para sa ECSE, magbigay ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon sa iyong anak o baguhin ang isang bahagi ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon ng iyong anak;
- Bumuo ng IFSP para sa iyong anak, o baguhin ang IFSP ng iyong anak;
- Ilagay ang iyong anak sa mga serbisyong EI/ECSE o baguhin kung saan tumatanggap ang iyong anak ng mga serbisyong EI/ECSE.

May karapatan ka rin sa paunang nasusulat na paunawa mula sa programa kapag tinanggihan ng programa ang iyong kahilingan na gawin ang mga pagkilos na ito.

**Anong impormasyon ang dapat isama sa nakasulat na paunawa?**

Dapat kasama sa paunang nasusulat na paunawa ang:

- Aksyon na iminumungkahi o tinatanggihang gawin ng programa:
- Bakit nagmumungkahi o tinatanggihan ang programa ang pagkilos na iyon;
- Isang paglalarawan ng anumang iba pang opsyon na isinasaalang-alang at ang mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga opsyong iyon;
- Isang paglalarawan ng bawat procedure sa abalwasyon, pagsubok, rekord o ulat na ginamit bilang batayan para sa aksyong iminungkahi o tinanggihan;
- Isang paglalarawan ng anumang iba pang mga salik na nauugnay sa aksyong iminungkahi o tinanggihan;
- Isang pahayag ng mga procedure ng pagreklamo, kabilang ang paglalarawan kung paano maghain ng reklamo at ang mga timeline sa ilalim ng mga procedure na iyon;
- Isang kopya ng booklet na ito ng *Notice of Procedural Safeguards* o kung paano ka makakakuha ng kopya; **at.**
- Mga mapagkukunan para sa iyong contact upang makakuha ng tulong sa kung paano uunawain ang mga procedural safeguard na ito.

Dapat ibigay ang paunang nakasulat na paunawa sa iyong sariling wika maliban kung

malinaw na hindi ito posibleng gawin. Dapat na nakasulat ang paunawa sa wikang naiintindihan ng pangkalahatang publiko.

Kung ang iyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon ay hindi isang nakasulat na wika, dapat gumawa ang programa ng mga hakbang upang matiyak na:

- Naisalin ang paunawa sa anyong pasalita o sa iba pang paraan sa iyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon;
- Naiintindihan mo ang nilalaman ng paunawa: **at**,
- May nasusulat na katibayan na ang mga kinakailangang ito ay natugunan.

Ang *katutubong wika*, kapag ginamit sa isang indibidwal na may limitadong kakayahan sa Ingles, ay nangangahulugan ng sumusunod:

1. Ang wikang karaniwang ginagamit ng taong iyon, o, sa kaso ng isang bata, ang wikang karaniwang ginagamit ng mga magulang ng bata;
2. Sa lahat ng direktang pakikipag-ugnayan sa bata (kabilang ang ebalwasyon sa bata), ang wikang karaniwang ginagamit ng bata sa tahanan o sa paaralan.

Para sa isang taong may pagkabingi o pagkabulag, o para sa isang taong walang nakasulat na wika, ang paraan ng komunikasyon ay ang karaniwang ginagamit ng taong iyon (tulad ng sign language, Braille, o oral na komunikasyon).

**Maaari ba akong humiling na tingnan ang mga paunawa sa pamamagitan ng email?**

Kung ang iyong EI/ECSE program ay nag-aalok sa mga magulang ng pagpipilian ng pagtanggap ng mga dokumento sa pamamagitan ng e-mail, maaari mong piliin na tanggapin ang sumusunod sa pamamagitan ng e-mail:

1. Paunang nasusulat na paunawa;
2. Ang Paunawang ito ng mga Procedural Safeguard **at**,
3. Mga abiso na nauugnay sa due process hearing.

## EBALWASYON AT MULING EBALWASYON

**Kung ang aking anak ay tumatanggap ng mga serbisyo ng EI, kailangan bang suriin ang aking anak upang maging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng ECSE?**

Oo. Kung ang iyong anak ay tumatanggap ng mga serbisyo ng EI, ang iyong anak ay kailangang suriin para sa pagiging karapat-dapat sa ECSE bago sumapit sa edad na tatlong taong gulang. Dapat suriin ng IFSP team ang kasalukuyang data ng ebalwasyon at magpasya kung higit pang impormasyon ang kailangan upang matukoy kung ang iyong anak ay karapat-dapat para sa mga serbisyo ng ECSE.

**Kung ang aking anak ay tumatanggap ng mga serbisyo ng ECSE, kailangan bang muling suriin ang aking anak upang maging karapat-dapat para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa edad na pumapasok sa paaralan?**

Kung ang iyong anak ay natukoy ng ECSE na isang batang may kapansanan, patuloy na magiging karapat-dapat ang iyong anak ay patuloy para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa edad na pumapasok sa paaralan. Posibleng magsagawa ang distrito ng paaralan, ngunit hindi kinakailangan, ng muling ebalwasyon upang muling maisaalang-alang ang pagiging karapat-dapat.

Dapat suriin ng IFSP team ang kasalukuyang impormasyon sa ebalwasyon at magpasya kung kailangan pa ng karagdagang impormasyon upang matukoy kung ang iyong anak ay karapat-dapat sa espesyal na edukasyon sa ilalim ng isa sa mga

kategoryang ito.

Kung ang team ay hindi naghihinala sa isang kategoryang kapansanan o nagpasya na walang kailangang karagdagang impormasyon upang matukoy kung ang iyong anak ay patuloy na karapat-dapat sa espesyal na edukasyon, dapat ipaalam sa iyo ng pampublikong ahensya ang desisyong iyon at ang mga dahilan para dito. May karapatan ka pa ring humiling ng ebalwasyon upang matukoy kung magpapatuloy ang iyong anak na

karapat-dapat. Hindi kinakailangang gumawa ang pampublikong ahensya ng pagsusuri sa iyong anak maliban kung hihilingin mo ito.

**Kung ang aking anak ay nasa ECSE program, gaano kadalas muling e-evaluate ang aking anak?**

Posibleng hindi ma-evaluate muli ang iyong anak nang higit sa isang beses sa isang taon, maliban kung ikaw at ang pampublikong ahensya ay magkasundo. Para sa ECSE at mga batang nasa edad na pumapasok sa paaralan, karaniwang nagaganap ang ilang anyo ng muling pagsusuri o pagsasaalang-alang ng muling ebalwasyon tuwing tatlong taon, ngunit posibleng mas madalas pa.

## INDEPENDIYENTENG PANG-EDUKASYONG EBALWASYON-ECSE LAMANG

**Ano ang isang independiyenteng pagsusuri sa edukasyon?**

Ang isang independent educational evaluation (IEE) ay isang pagsusuri ng na ginagawa ng isang kwalipikadong tagasuri na hindi empleyado ng pampublikong ahensya na may pananagutan sa iyong anak. May karapatan ka sa isang independent educational evaluation sa pampublikong gastos kung hindi ka sumasang-ayon sa ebalwasyong ibinigay ng pampublikong ahensya sa iyong anak. Ang pampublikong gastos ay nangangahulugan na dapat magsaayos ang pampublikong ahensiya ng ebalwasyon na maibigay nang wala kang gagastusin.

May karapatan ka sa isa lamang independent educational evaluation sa iyong anak na gastos para sa publiko sa tuwing magsasagawa ang pampublikong ahensya ng ebalwasyon sa iyong anak na hindi mo sinasang-ayunan.

**Ano ang mga pamantayan para sa isang independent educational evaluation?**

Kung ang isang independent educational evaluation ay pampublikong gastos, ang pamantayan kung saan nakuha ang pagsusuri, kabilang ang lugar ng pagsusuri, ang mga kwalipikasyon ng tagasuri, at gastos, ay dapat na kapareho ng pamantayan na ginagamit ng pampublikong ahensiya kapag ito ay nagpasimula ng pagsusuri (hanggang sa puntong ang mga pamantayang iyon ay kaayon ng iyong karapatan sa isang independent educational evaluation).

Maliban sa mga pamantayang inilarawan sa itaas, hindi maaaring magpataw ang isang pampublikong ahensya ng mga kundisyon o timeline na may kaugnayan sa pagkuha ng isang independent educational evaluation na gastos para sa publiko.

Dapat bigyan ka ng pampublikong ahensiya, kapag hiniling, ng pagkakataong ipakita na ang mga natatanging pangyayari ay nagbibigay-katwiran sa isang independent educational evaluation na hindi nakakatugon sa pamantayan ng ahensya.

**Paano ako hihingi ng independent educational evaluation?**

Kung humiling ka ng independiyenteng pagsusuri, mahalagang malinaw na ipaalam mo sa pampublikong ahensya ang iyong kahilingan. Maaaring magtanong ang pampublikong ahensya kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa ebalwasyon na ibinigay nila para sa iyong anak. Maaari kang magbigay ng paliwanag, ngunit hindi kinakailangan.

Kung humiling ka ng isang independent educational evaluation, dapat ipaalam sa iyo ng pampublikong ahensiya nang walang pagkaantala ang tungkol sa kung saan maaaring makuha ang independent educational evaluation, at ipaalam sa iyo ang mga pamantayan ng pampublikong ahensya para sa mga independent educational evaluation. Hindi mo kailangang gumamit ng evaluator mula sa listahan ng pampublikong ahensya.

Kung humiling ka ng isang independiyenteng pagsusuri, o reimbursement para sa isang independiyenteng pagsusuri, dapat gumugon sa iyong kahilingan ang pampublikong ahensya nang walang pagkaantala. Ang publiko

Dapat humiling ang ahensya ng due process hearing upang ipakita na ang pagsusuri nito ay angkop para sa iyong anak, o tiyakin ang access sa isang independiyenteng pagsusuri nang walang gagastusin.

Kung ang pampublikong ahensiya ay nagpasimula ng due process hearing at ang pinal na desisyon ay angkop ang pagsusuri ng pampublikong ahensiya, maaari kang kumuha ng isang independent educational evaluation sa iyong sariling gastos.

**Ano ang mangyayari sa mga resulta ng independent educational evaluation?**

Kung kukuha ka ng independent educational evaluation, dapat isaalang-alang ng programa ng ECSE ang mga resulta ng pagsusuri sa anumang desisyon na may kaugnayan sa libreng naaangkop na pampublikong edukasyon ng iyong anak. Ang mga resulta ng pagsusuri ay maaaring iharap bilang ebidensya sa isang due process hearing.

## PAGLUTAS NG MGA HINDI PINAGKAKASUNDUAN

**Ano ang maaari kong gawin upang malutas ang hindi pinagkakasunduan tungkol sa EI o ECSE program ng aking anak?**

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa mga serbisyo ng EI/ECSE ng iyong anak, iminumungkahi na ang iyong unang hakbang ay makipag-usap sa coordinator ng serbisyo ng iyong anak o isang administrator ng EI/ECSE program. Makakatulong itong harapin ang mga alalahanin sa unang pagkakataon na lumitaw ang mga ito upang magawa ang mga hakbang sa lalong madaling panahon upang suportahan ang pakikipagtulungan sa pagitan mo, ng kawani at ng iyong anak. Kung hindi nalutas ang mga alalahanin, maaari kang humiling ng pamamagitan, maghain ng reklamo, o humiling ng due process hearing sa pamamagitan ng ODE.

**Ano ang pamamagitan?**

Ang pamamagitan ay isang espesyal na uri ng pagpupulong upang matulungan ka at ang EI/ECSE program ng iyong anak na magkaroon ng kasunduan tungkol sa iyong mga alalahanin. Ang pamamagitan ay boluntaryo, kumpidensyal, at impormal. Ikaw o ang isang kinatawan ng programa ay maaaring humiling ng pamamagitan, ngunit pareho kayong dapat sumang-ayon na subukan ang pamamagitan bago mai-iskedyul ang pamamagitan. Ang ODE ang may pananagutan sa gastos sa proseso ng pamamagitan.

Ang taong namumuno sa pamamagitan ay tinatawag na tagapamagitan. Ang isang tagapamagitan ay isa na neutral at sinanay sa mga estratehiya upang tulungan ang mga tao sa paglutas ng mga hindi pagkakasundo sa mahihirap na isyu. Hindi dapat magkaroon ang tagapamagitan ng personal o propesyonal na interes na sumasalungat sa kawalang-kinikilingan ng tagapamagitan. Kung ikaw at ang iyong programa ay sumang-ayon na subukan ang pamamagitan, ikaw at ang programa ay pipili ng isang tagapamagitan mula sa isang listahan ng mga kwalipikadong tagapamagitan na ibinigay ng ODE. Ang tagapamagitan ay hindi gumagana para sa iyo, sa programa, o ODE. (Ang isang tagapamagitan ay hindi itinuturing na isang empleyado ng ODE dahil lamang binabayaran ng ODE ang tagapamagitan upang isagawa ang pamamagitan.)

Hindi maaaring gamitin ang pamamagitan upang tanggihan o antalain ang iyong karapatan sa due process hearing, o upang tanggihan ang anumang iba pang mga

karapatan na mayroon ka sa ilalim ng IDEA.

Kumpidensyal ang mga talakayan sa pamamagitan at hindi maaaring gamitin bilang ebidensya sa isang pagdinig o sa korte.

**Kailan available ang pamamagitan?**

Available ang pamamagitan sa pamamagitan ng ODE upang payagan ka at ang EI/ECSE program na lutasin ang mga hindi pagkakasundo na kinasasangkutan ng anumang bagay sa ilalim ng IDEA, kabilang ang mga bagay na bumabangon bago ang paghahain ng kahilingan ng due process ng ng pagdinig. Available ang pamamagitan upang malutas ang mga hindi pagkakaunawaan sa ilalim

ng IDEA, humiling ka man o hindi ng due process hearing o nagsampa ng reklamo may kinalaman sa espesyal na edukasyon.

Dapat iiskedyul ang bawat pagpupulong sa proseso ng pamamagitan sa isang napapanahong paraan at gaganapin sa isang lugar na komportable para sa iyo at sa EI/ECSE program.

**Paano ako hihiling ng pamamagitan?**

Maaari kang makipag-ugnayan sa ODE Mediation Coordinator sa (503) 947-5797. Maaari mo ring gamitin ang mediation request form na available sa ODE. Tingnan ang Mga Mapagkukunan.

**Kailangan ko bang sumang-ayon na subukan ang pamamagitan?**

Hindi. Ang pamamagitan ay boluntaryo. Pinasisigla ng ODE ang pamamagitan, ngunit hindi mo kailangang subukan muna ang pamamagitan bago gawin ang due process hearing o paghahain ng reklamo o gamitin ang alinman sa mga karapatan sa buklet na ito. Kung hindi ka nakakatiyak sa pamamagitan, maaaring mag-alok sa iyo ang ODE ng pagkakataong makipagkita sa isang taong walang kinikilingan na makakapagpaliwanag sa mga pakinabang ng pamamagitan.

**Ano ang mangyayari kung ang isang kasunduan ay naabot sa pamamagitan?**

Kung lulutasin mo at ng EI/ECSE program ang isang hindi pagkakaunawaan sa pamamagitan ng pamamagitan, dapat pumasok ang parehong partido sa isang ligal na nagbubuklod na kasunduan na nagsasaad ng resolusyon at na:

1. Nagsasaad na ang lahat ng nangyaring mga talakayan sa panahon ng proseso ng pamamagitan ay mananatiling kumpidensyal at hindi maaaring gamitin bilang katibayan sa anumang due process hearing sa ibang pagkakaton o paglilitis sa korte; **at,**
2. Nilagdaan mo at ng isang kinatawan ng EI/ECSE program na may awtoridad na ganapin ang programa sa kasunduan.

Ang isang nakasulat, pirmadong kasunduan sa pamamagitan ipinatutupad saanmang korte ng estado na may awtoridad sa ilalim ng batas ng estado upang duminig ng ganitong uri ng kaso o sa isang korte ng pederal na distrito.

**Bukod sa pamamagitan, ano ang mga pagpipilian para sa paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan sa EI/ECSE at paano sila naiiba?**

Ang mga regulasyon ng IDEA ay may dalawang iba pang procedure sa paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan: Ang mga reklamo ng estado, tinatawag kung minsan na mga espesyal na reklamo sa edukasyon, at due process hearing. Tulad ng ipinaliwanag sa ibaba, maaaring magsampa ang sinumang indibidwal o organisasyon ng reklamo sa estado na nagsasaad ng di umano ay paglabag ng EI/ECSE program, distrito ng paaralan, ODE o iba pang pampublikong ahensiya.

**Ano ang isang espesyal na reklamo sa edukasyon?**

Ang isang reklamong pang-eestado ay isang nakasulat, pirmadong pahayag na naglalarawan ng isang posibleng paglabag ng iyong EI/ECSE program sa IDEA. Sa loob nito hiniling mo sa ODE na mag-imbestiga at lutasin ang isyu.

Ang reklamong pag-iimbestiga ay isang impormal, may layunin na pagrepaso ng

iyong mga alalahanin na gagawin ng ODE. Wala kang gagastusin sa imbestigasyong ito at hindi kailangan ng abugado.

**Ano ang mga timeline sa pagsumite ng reklamo sa ODE?**

Ang mga reklamo ay dapat na nauugnay sa isang paglabag sa loob ng 12 buwan bago mo isampa ang iyong reklamo sa ODE.

**Ano ang dapat isama sa reklamo?**

Dapat na ang reklamo ay may kasamang:

1. Pahayag na ang EI/ECSE program, distrito ng paaralan o iba pang pampublikong ahensya ay lumabag sa kinakailangan ng IDEA o mga regulasyon nito;
2. Mga katotohanan kung saan nakabatay ang pahayag;
3. Pirma at impormasyon ng contact para sa nagrereklamo (ang tao o ahensya na nagrereklamo); at,
4. Kung di umano ay mga paglabag tungkol sa isang espesipikong bata:
   (a) Pangalan ng bata at address ng tirahan ng bata;
   (b) Pangalan ng EI/ECSE program na inapasukan ng bata;
   (c) Sa kaso ng isang bata o kabataang walang tirahan, available na impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa bata at ang pangalan ng paaralan o programa na pinapasukan ng bata;
   (d) Paglalarawan ng kalikasan ng problema, kabilang ang mga katotohanan na may kaugnayan sa problema; **at**,
   (e) Isang iminungkahing paglutas sa problema hanggang sa sukdulang nalalaman at available sa partidong naghahain ng reklamo sa panahong inihain ang reklamo.

Maaari mong gamitin ang ODE complaint form para sa impormasyong itohttp://www.ode.state.or.us/search/page/?id=1219.

Ang mga nakasulat na reklamo ay ipinapadala sa:

Deputy Superintendent of Public Instruction
Oregon Department of Education
255 Capitol Street NE
Salem, OR 97310

Pansin: Mga Serbisyo sa Mag-aaral

Dapat ipasa ng partido na nagsumite ng reklamo ang isang kopya ng reklamo sa EI/ECSE program o sa iba pang pampublikong ahensya na nagseserbisyo sa bata kasabay nito isasampa ng partido ang reklamo sa ODE.

**Ano ang mangyayari pagkatapos kong ipadala ang nakasulat na reklamo ng espesyal na edukasyon sa ODE?**

Agad na makikipag-ugnayan sa iyo ang ODE at ang programa upang talakayin ang mga pagpipilian sa paglutas ng reklamo, kabilang ang pamamagitan. Makikilala din ng ODE kung aling mga paratang ang maaaring nitong imbestigahan.

**Ano ang mga timeline ng Ode sa paglutas ng reklamo?**

Kung nagsampak ka ng nasusulat na reklamo ng ganitong uri, dapat kumpletohin ng ODE ang anumang imbestigasyon at magpadala ng nasusulat na order sa loob ng 60 araw.

Posibleng palawigin ang timeline na ito para sa mga pambihirang kalagayan na may kaugnayan sa reklamo. Posible ring palawigin ang timeline kung ang magulang at

EI/ECSE program ay kusang sumasang-ayon na palawigin ang panahon upang subukan ang pamamagitan o lokal na resolusyon.

Sa loob ng timeline na ito, ang ODE ay dapat:

1. Magsagawa ng isang independiyenteng on-site na imbestigasyon, kung natutukoy ng ODE na kinakailangan ang isang imbestigasyon;

2. Bigyan ng pagkakataon ang nagrereklamo na magsumite ng karagdagang impormasyon, ito man ay bibigan o nasusulat, tungkol sa mga paratang sa reklamo;
3. Bigbyanang EI/ECSE program o iba pang pampublikong ahensya ng pagkakataon na tumugon sa reklamo, kabilang ang, sa minimum: (a) sa pagpipilian ng ahensya, mungkahing lutasin ang reklamo ang reklamo; **at** (b) pagkakataon para sa isang magulang na nagsampa ng reklamo at ang ahensya na sumang-ayon nang boluntaryong subukan ang pamamagitan;
4. Repasuhin ang lahat ng may kaugnayang impormasyon at gumawa ng independiyenteng pagpapasiya kung ang distrito ng paaralan o iba pang pampublikong ahensya ay lumalabag sa kinakailangan ng IDEA; **at**,
5. Mag-isyu ng nasusulat na desisyon na nagbibigay-pansin sa bawat paratang na nasa reklamo na may (a) mga natuklasang katotohanan at konklusyon; **at** (b) mga dahilan ng pangwakas na desisyon ng ODE.

**Ano ang nasusulat na order?**

Kasama sa nasusulat na order ang mga natuklasang katotohanan tungkol sa mga paratang, konklusyon, talakayan, at anumang iniutos na pagwawastong pagkilos.

Ang pangwakas na order ay hindi magpapakilala sa pangalan mo o sa iyong anak. Ang pangwakas na order ay isang pampublikong rekord. Ang isang pangwakas na order sa reklamo ay itinuturing na isang kaso hindi na mapapasubalian sa ilalim ng batas ng estado.

Kung hindi ka nasisiyahan sa pangwakas na order, maaari kang mag-apela sa loob ng 60 araw sa Marion County Circuit Court o sa Circuit Court para sa county kung saan ka nakatira.

Ang order sa reklamo ay hindi pumipigil sa mga magulang na humiling ng due process hearing sa parehong mga paglabag.

**Ano ang dapat isama bilang aksiyong pagwawasto?**

Sa paglutas ng sang pang-istadong reklamo kung saan natagpuang nabigo ang ODE na makapagbigay ng naaangkop na serbisyo, dapat tugunan ng ODE:

1. Ang kabiguang makapagbigay ng naaangkop na serbisyo, kabilang ang pagwawasto na naaangkop upang matugunan ang mga pangangailangan ng bata; **at**,
2. Ang naaangkop na pagkakaloob ng mga serbisyo sa hinaharap para sa lahat ng batang may kapansanan.

Ang pangwakas na order ay dapat may kasamang mga procedure para epektibong maipatupad ang pangwakas na desisyon ng ODE, kung kinakailangan, kasama ang: (a) mga aktibidad sa tulong sa teknikal; (b) negosasyon; **at**
(c) mga aksiyaong pagwawasto upang makamit ang pag-alinsunod.

Ikaw o ang EI/ECSE program ay maaaring magsampa ng due process hearing patungkol sa anumang bagay na may kaugnayan sa mungkahi o pagtanggi na simulan o baguhin ang pagkakakilanlan, ebalwasyon o pang-edukasyong paglalagay ng iyong anak o ang pagkakaloob ng mga serbisyong maagang interbensyon para sa

isang bata mula pagkapanganak hanggang sa edad na tatlo o free appropriate public education (FAPE) para sa isang bata na may edad na tatlo - lima.

Dapat lutasin ng mga kawani ng ODE ang isang reklamong pang-estado at mag-isyu ng isang pangwakas na order sa loob ng isang 60-araw ng kalendaryo na timeline, maliban kung ang timeline ay angkop na pinalawig.

Ang isang walang kinikilingang opisyal sa due process hearing (na tinawag na administratibong hukom ng batas, (administrative law judge o ALJ) ay dapat magsagawa ng due process hearing (kung hindi nalutas sa pamamagitan ng isang pagpupulong ng resolusyon o pamamagitan) at mag-isyu ng isang nasusulat na desisyon sa loob ng 45-araw ng kalendaryo pagkatapos ng pagtatapos ng resolusyon maliban kung ang ALJ ay nagbibigay ng isang tiyak na extension ng timeline sa iyong kahilingan o kahilingan ng programa.

**Ano ang mangyayari kung magsasampa ako ng reklamo at hihiling ng due process hearing nang sabay?**

Kung natanggap na ang nasusulat na reklamong pang-estado na siya ring paksa sa kahilingang due process hearing, o ang reklamo ay may higit sa isang isyu kung saan ang isa o higit pa ay bahagi ng kahilingan sa pagdinig, dapat isaisantabi ng ODE ang reklamo, o anumang bahagi ng reklamo na inaasikaso sa due process hearing hanggang matapos ang pagdinig. Anumang isyu sa reklamo na hindi bahagi ng due process hearing ay dapat lutasin gamit ang time limit at mga procedure na inilarawan sa itaas.

Kung ang isang isyu na ibinangon sa reklamo ay dati nang napagpasyahan sa due process hearing na kinasasangkutan ng parehong mga partido (ang magulang at distrito ng paaralan), kung gayon ang desisyon sa due process hearing ay hindi mababago (binding) sa isyung iyon at dapat ipagbigay-alam ng ODE sa nagrereklamo na ang desisyon ay binding.

Ang reklamo na di umano bigo ang EI/ECSE program, distrito ng paaralan o iba pang pampublikong ahensiya na makapagpatupad ng desisyon sa due process hearing ay dapat lutasin ng ODE.

**Ano ang due process hearing?**

Ang due process hearing ay isang pormal at ligal na paglilitis sa harap ng administrative law judge (ALJ) na nagpapasya sa mga isyu ng katotohanan at batas. Nag-isyu ang ALJ ng nasusulat, pangwakas na binding ng opinyon.

**Kailan ako maaaring humingi ng due process hearing?**

Maaari kang humiling ng due process hearing kung hindi ka sumasang-ayon sa pagkakakilanlan, ebalwasyon, at, paglalagay o iba pang mga aspeto na may kaugnayan sa mga serbisyo ng EI ng iyong anak at para sa ECSE, libreng naaangkop na edukasyong pampubliko. Maaari kang humiling ng "pinabilis" na due process hearing tulad ng inilarawan sa *Seksyong Disiplina*.

**Ano ang timeline sa paghingi ng due process hearing?**

Dapat hilingin ang due process hearing sa loob ng dalawang taon sa petsa kung kailan nalamamn mo o dapat sana ay nalaman mo ang tungkol sa ginawang o pagtanggal na naging dahilan ng paghiling ng pagdinig.

Ang dalawang taong timeline na ito ay hindi applicable kung pinigilan kang humiling ng pagdinig dahil:

- May pagkakamaling sinabi sa iyo ng EI/ECSE program na nalutas na nito ang problema; **o**,
- Hindi ka binigyan ng EI/ECSE program ng impormasyon na inaatasang ang programa ay kinakailangang magbigay.

**Paano ako hihiling ng due process hearing?**

Ikaw (o ang iyong abugado, kung ikaw ay kinakatawan) o ang EI/ECSE program (o abugado ng programa) ay dapat magpadala ng nasusulat na kahilingan para sa isang pagdinig sa ODE at sa iba pang partido. Dapat kasama sa iyong kahilingan sa pagdinig ang:

- Ang iyong pangalan at address (o impormasyon sa pakikipag-ugnayan, kung

wala kang address) at ang pangalan ng EI/ECSE program ng iyong anak;

- Paglalarawan ng kalikasan ng problema na may kaugnayan sa kahilingan sa pagdinig, kabilang ang mga espesipikong katotohanan; **at**,
- Anumang mungkahi na mayroon ka para sa paglutas ng hindi pagkakasundo.

Ang model form para sa paghingi ng due process hearing ay available sa ODE. (Tingnan ang mga Resources sa dulo ng buklet.) Maaari mong gamitin ang mga model form ng ODE o isa pang naaangkop na form o dokumento, hangga't naglalaman ito ng kinakailangang impormasyon sa pagsampa ng paghiling ng due process hearing.

Maaari hindi ka magkaroon o ang programa ng EIECSE ng due process hearing hanggang sa ikaw o ang EI/ECSE program (o ang iyong abugado o abogado ng EI/ECSE program), ay makapagsampa ng paghiling ng due process hearing na may kasamang impormasyong ito.

Wala sa seksyon ng procedural safeguards ng mga regulasyon ng pederal sa ilalim ng Part B ng IDEA [34 CFR 300.500 hanggang 300.536] ang makakapigil sa iyo na magsampa ng isang hiwalay na paghiling ng due process hearing sa isang isyu na hiwalay sa due process hearing na naisampa na.

**Kailan maaaring humiling ng due process hearing ang pampublikong ahensya?**

Para sa ECSE: Ang isang pampublikong ahensya ay maaaring humiling ng due process hearing kapag ang isang magulang ay tumangging magpahintulot sa isang inisyal na ebalwasyon o muling ebalwasyon o, para sa ECSE, upang ipakita na ang pampublikong ahensya ay nagsagawa ng isang naaangkop na ebalwasyon o nag-alok ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon. Maaaring hindi humiling ang isang pampublikong ahensya ng due process hearing upang ipawalang-bisa ang hindi pagbibigay ng mga magulang ng pahintulot para sa paunang paglalagay sa ECSE o para sa mga serbisyo ng EI.

**Ano ang mangyayari pagkatapos mahiling ang due process hearing?**

Kapag humiling ka ng pagdinig, magpapadala sa iyo ang ODE ng kopya ng paunawang ito ng mga Procedural Safeguard, ipaalam sa iyo na ang pamamagitan ay available nang wala kang gagastusin, at masabihan ka kung may libre o murang mga ligal na serbisyo. Mag-aatas ang Office of Administrative Hearings ng isang ALJ na magsasagawa ng pagdinig. Makikipag-ugnayan sa iyo ang ALJ upang magsaayos ng isang pre-hearing conference.

Kung ang EI/ECSE program ay nagsampa ng kahilingan sa pagdinig, mayroon kang 15 araw mula pagkatanggap ng kahilingan na ito ara maipaalam sa ALJ ang anumang mga problema sa paunawang ito. Gayundin, kung nagsampa ka ng pagdinig, ang programa ay may 15 araw upang ipaalam sa ALJ ang anumang mga problema sa iyong paunawa.
May 5 araw ang ALJ upang magpasya kung ang paunawa ay sumusunod sa mga patakaran, at dapat ipaalam sa iyo agad at sa programa, sa sulat, ang pagpapasyang ito.

Maaari mong iwasto ang anumang problema sa iyong kahilingan sa pagdinig sa pamamagitan ng pagpapadala ng isa pang kahilingan kung:

- Sumasang-ayon ang EI/ECSE sa sulat; **o**,
- Sumasang-ayon ang ALJ at higit sa 5 araw na bago ang pagdinig.

Ang pagpapadala ng isa pang kahilingan para sa isang pagdinig ay muling magpapasimula ng timeline sa pagkumpleto ng due process hearing.

Maaaring hindi makapagbangon ang partido na humihiling sa pagdinig ng anumang isyu sa pagdinig na hindi nakasaad sa kahilingan sa pagdinig, maliban kung ang ibang partido ay sumasang-ayon kung hindi man.

Kung hindi ka pa nabigya ng EI/ECSE program ng nasusulat na paunawa ng aksyon ng EI/ECSE na may kaugnayan sa mga isyu sa iyong paghiling ng pagdinig, ang EI/ECSE program ay may 10 araw mula pagkatanggap ng iyong paghiling ng pagdinig na ipadala sa iyo ang paunawang ito.

1. Isang paliwanag kung bakit iminungkahi o tumanggi ang EI/ECSE program na gawin ang aksyon na ibinangon sa reklamo sa due process;

2. Paglalarawan ng iba pang mga pagpipilian na isinasaalang-alang ng team ng iyong pang-indibidwal na plano ng pampamilyang serbisyo (individualized family service plan, IFSP) ng iyong anak at ang mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga pagpipilian na iyon;
3. Isang paglalarawan ng bawat evaluation procedure, assessment, rekord, o ulat na ginamit ng EI/ECSE program bilang batayan para sa iminungkahi o itinangging pagkilos; **at**,
4. Paglalarawan ng iba pang mga kadahilanan na may kaugnayan sa iminungkahi o itinangging pagkilos EI/ECSE program.

Pagbibigay ng impormasyon sa mga item 1-4 sa itaas ay hindi pumipigil sa EI/ECSE program sa pagsasabi na ang iyong paghiling ng due process hearing ay hindi sapat. Kung hindi man, may 10 araw ang programa mula pagkatanggap ng iyong paghiling ng pagdinig na magpadala sa iyo ng tugon na espesipikong tinutugunan ang mga isyu na nasa iyong paghiling ng pagdinig.

Dapat kayong magtagpo, ikaw at ang iba pang miyembro ng team ng IEP sa isang "sesyon ng resolusyon" sa loob ng 15 araw ng paghiling ng pagdinig.

**Ano ang sesyon ng resolusyon?**

Ang sesyon ng resolusyon ay isang pagpupulong upang lutasin ang problema tungkol sa EI/ECSE program ng iyong anak. Dapat kasama ka sa pagpupulong at ang mga miyembro ng team ng IFSP na nakakaalam tungkol sa problema, at isang kinatawan ng EI/ECSE na may awtoridad na gumawa ng mga pagpapasya para sa programa. Ang programa ay maaaring hindi magkaroon ng isang abugado na naroroon maliban kung magdala ka ng isang abugado. Kinakailangan ang sesyon ng resolusyon maliban kung ikaw at ang programa ay sumasang-ayon, sa sulat, na i-waive ang pulong na ito, o sumang-ayon ka at ang programa na subukan ang pamamagitan.

Kung ikaw at ang programa ay umabot sa isang kasunduan sa sesyon ng resolusyon, ikaw at ang programa ay magtatalaga ng nasusulat na kasunduan na nagtatala ng lahat ng napag-usapang kasunduan. Tulad ng isang kasunduan sa pamamagitan, ang kasunduang ito ay ligal na binding at maipapatupad sa korte. Maaaring kanselahin mo o ng programa ang kasunduang ito sa pamamagitan ng pagpapadala ng nasusulat na pahayag sa ibang partido sa loob ng tatlong araw ng pagkalagda.

**Ano ang timeline para sa pagdinig?**

Kung hindi nalutas ang problema ayon sa gusto mo sa loob ng panahon ng paglutas, magsisimula na ang mga timeline para sa due process hearing. Ang pagdinig at pangwakas na order ay dapat makumpleto sa loob ng 45 araw mula sa pagtatapos ng panahon ng paglutas. Maaaring pumayag ang ALJ sa higit pang panahon kung ikaw o ang programa ay humingi ng higit pang panahon.

**Sa ilalim ng anong mga kalagayan maaari paikliin o palawigin ang panahon ng 30 araw na resolusyon?**

Maliban kung ikaw at ang EI/ECSE program ay parehong sumang-ayon na ipagparaya ang proseso ng paglutas o gamitin ang pamamagitan, iaantala ng iyong hindi pagsali sa pagpupulong ng resolusyon ang mga timeline para sa proseso ng paglutas at due process hearing hanggang sa sumang-ayon kang lumahok sa pagpupulong ng resolusyon.

Kung, pagkatapos gumawa ng mga makatwirang pagsisikap at pagdodokumento ng mga naturang pagsisikap, hindi makuha ng EI/ECSE program ang iyong partisipasyon sa pagpupulong ng resolusyon, ang EI/ECSE program ay maaaring, sa pagtatapos ng 30-araw na panahon ng resolusyon, humiling na ibinasura ng ALJ ang iyong paghiling ng due process hearing. Dapat kasama sa dokumentasyon ang mga pagsisikap ng distrito ang rekord ng mga pagtatangka maisaayos magkakasamang sinang-ayunang oras at lugar, tulad ng:

1. Mga ginawang detalyadong rekord ng mga tawag sa telepono o pagtatangka at mga resulta ng gayong mga tawag;

2. Mga kopya ng sulat na ipinadala sa iyo at anumang mga tugon na natanggap; **at**,
3. Mga detalyadong rekord ng mga pagbisita na ginawa sa iyong tahanan o lugar ng trabaho at ang mga resulta ng mga pagbisitang iyon.

Kung hindi gaganapin ng EI/ECSE program ang pagpupulong ng resolusyon sa loob ng 15 araw pagkatanggap ng paunawa ng iyong paghiling ng due process hearing **o** hindi nakikilahok sa pagpupulong ng resolusyon, maaari mong hilingin sa ALJ na iutos na pasimulan ang gayong 45 araw na due process hearing.

Kung ikaw at ang EI/ECSE program ay sumasang-ayon, sa gsulat, na i-waive ang resolusyong pagpupulong, kung gayon ang 45-calendar-day timeline para sa due process hearing ay nagsisimula sa susunod na araw.

Pagkatapos ng pagsisimula ng pamamagitan o ng pangresolusyong pagpupulong at bago matapos ang 30-araw na resolusyon, kung ikaw at ang EI/ECSE program ay sumasang-ayon, sa sulat, na walang posibleng pagkasunduan, kung gayon ang 45-araw na timeline para sa due process hearing ay magsisimula sa susunod na araw.

Kung sumang-ayon ka at ang EI/ECSE program na subukan ang pamamagitan, sa pagtatapos ng 30-araw sa kalendaryo na yugto ng resolusyon, ang parehong partido ay maaaring sumang-ayon, sa sulat, na ipagpatuloy ang proseso ng pamamagitan hanggang sa marating ang isang kasunduan. Gayunpaman, kung ang alinman sa ikaw o ang EI/ECSE program ay umurong mula sa proseso ng pamamagitan, ang 45-araw na timeline para sa due process hearing ay magsisimula sa susunod na araw.

**Ano ang mga kwalipikasyon para sa mga ALJ?**

Sa pinakamababa, isang ALJ:

1. Hindi dapat isang empleyado ng ODE o EI/ECSE program na sangkot sa edukasyon o pangangalaga ng bata. siya ay hindi empleyado ng ODE lamang dahil ang taong ito ay binabayaran ng ODE upang maglingkod bilang isang ALJ;
2. Wala dapat personal o propesyonal na interes na sumasalungat sa layunin ng pagdinig ng ALJ;
3. Dapat may kaalaman at nauunawaan ang mga probisyon ng IDEA, at ngmga regulasyon ng pederal at estado na nauukol sa IDEA, at ligal na interpretasyon ng IDEA ng mga korte ng pederal at estado; **at**,
4. Dapat may kaalaman at kakayahang magsagawa ng mga pagdinig, at gumawa at magsulat ng mga desisyon, kaayon ng angkop at standard na kasanayan sa legal.

Nagpapanatili ang ODE ng listahan ng mga taong nagsisilbing ALJ at isang pahayag ng mga kwalipikasyon ng bawat isa.

**Ano ang aking mga karapatan sa pandinig?**

Kasama sa iyong mga karapatan sa due process hearing ang:

- Ang karapatang magdala ng isang abugado na makakapagbigay sa iyo ng payo;
- Ang karapatang magdala ng isa o higit pang indibidwal na may espesyal na kaalaman o pagsasanay tungkol sa mga batang may kapansanan;

- Ang karapatang ng iyong anak na manatili sa kanyang kasalukuyang paglalagay ng EI/ECSE sa panahon ng proseso ng pagdinig at apela maliban kung:

  - Sumasang-ayon ka at ang programa sa isa pang paglalagay;
  - Ang iyong anak ay nag-aaplay para sa paunang pagpasok sa programa at pumayag ka sa paglalagay ng iyong anak sa programa;
  - Ang iyong anak ay nasuspinde o pinatalsik at inilagay sa isang pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon para sa paggawi na hindi manipistasyon ng kapansanan ng bata;
  - Ang iyong anak ay tinanggal ng programa sa isang pansamantalang paglalagay ng hanggang sa 45 araw dahil sa paglabag sa armas o droga o dahil sa pagiging dahilan ng malubhang pinsala sa pisikal ng ibang tao; **<u>o</u>**,
  - Ang iyong anak ay tinanggal ng isang ALJ sa isang pansamantalang paglalagay ng hanggang sa 45 araw dahil sa malaking posibilidad makagawa ng nakapinsalang paggawi;
- Ang karapatang magpakita ng nasusulat at berbal na katibayan, at upang komprontahin, mag-cross-examin, at ipag-utos na kailangang presente ang mga saksi;
- Ang karapatang makaalam ng hindi bababa sa limang araw ng negosyo bago ang pagdinig ng mga ebalwasyong nakumpleto ng distrito o programa sa petsa na iyon at mga rekomendasyon batay sa mga ebalwasyon na nilayon nilang gamitin sa pagdinig;
- Ang karapatang maging presente ng iyong anak sa pagdinig;
- Ang karapatang isara o buksan ang pagdinig sa publiko;
- Ang karapatang ipagbawal ang pagpapakilala ng anumang katibayan sa pagdinig na hindi isiniwalat sa iyo ng hindi bababa sa limang araw ng bago ang pagdinig. Maaaring ipagbawal ng ALJ ang paglalabas ng anumang katibayan na hindi isiniwalat limang araw bago ang araw pagdinig nang walang pahintulot ng kabilang partido;
- Karapatan sa nasusulat o, sa iyong pagpipilian, isang elektronikong verbatim na rekord ng pagdinig nang walang gastos sa loob ng makatuwirang panahon ng pagsasara ng pagdinig; **<u>at</u>**,
- Karapatan sa nasusulat o, sa iyong pagpipilian, isang elektronikong kopya ng desisyon sa pagdinig nang walang gastos.

Ang bawat pagdinig ay dapat isagawa sa isang oras at lugar na kumbinyente sa iyo at ang iyong anak sa makatwirang paraan.

**Ano ang batayan ng desisyon ng ALJ?**

Dapat nakabatay ang desisyon ng isang ALJ kung ang iyong anak ay makakatanggap ng free appropriate public education (FAPE) sa mga matibay na saligan. Sa mga bagay na di umano ay procedural na paglabag, maaaring makita ng ALJ na ang iyong anak ay hindi nakatanggap ng FAPE tangi lamang kung ang mga procedural na kakulangan ay:

1. Nakahadlang sa karapatan ng iyong anak sa isang libreng free appropriate public educatio (FAPE);

2. Nakahadlang nang lubha sa iyong opurtunidad na makibahagi sa proseso ng paggawa ng desisyon may kaugnayan sa pagbibigay ng free appropriate public educatio (FAPE) sa iyong anak; **o**,

3. Naging sanhi ng pagkakait ng benepisyo ng edukasyon.

Hindi pumipigil ang alituntuning ito sa ALJ sa pag-utos sa EI/ECSE program na sumunod sa mga kinakailangan sa seksyon ng procedural safeguards ng IDEA (34 CFR 300.500 hanggang 300.536) (OAR 581-015-2300 hanggang 2385).

**Espesyal na tuntunin para sa ECSE:**

Wala sa Part B ng IDEA ang naghihigpit o naglilimita sa mga karapatan, procedure, at remedyo na available sa ilalim ng Konstitusyon ng U.S., ng Americans with Disabilities Act of 1990, ng Title V of the Rehabilitation Act of 1973 (Seksyon 504), o ng iba pang mga pederal na batas na nagpoprotekta sa mga karapatan ng mga batang may kapansanan, maliban kung bago ang pagsampa ng isang aksyong sibil sa ilalim ng mga batas na ito na naghahanap ng kaginhawahan na available din sa ilalim ng Part B ng IDEA, dapat na naubos na ang mga procedure ng due process na inilarawan sa itaas hanggang sa sukdulang kinakailangan kung ang isinampa ng partido ang aksyon sa ilalim ng Part B ng IDEA.

Nangangahulugang maaari kang magkaroon ng mga remedyo na available sa ilalim ng iba pang batas na nag-o-overlap sa mga available sa ilalim ng IDEA, ngunit sa pangkalahatan, upang makakuha ng kaginhawahan sa ilalim ng iba pang batas, dapat mo munang gamitin ang available na mga administratibong remedyo sa ilalim ng IDEA (i.e., ang due process complaint, pangresolusyong pagpupulong, at walang kinikilingang procedure ng due process hearing) bago dumirekta sa korte.

Ibibigay ang pangwakas na utos sa State Interagency Coordinating Council at sa State Advisory Council for Special Education. Ang pangwakas na utos ay hindi magpapakilala sa iyong pangalan o sa pangalan ng iyong anak. Ito ay isang pampublikong rekord.

**Ano ang maaari kong gawin kung hindi ako sang-ayon sa desisyon sa pagdinig?**

Ang isang desisyon sa pagdinig ay pinal maliban na kung ang natalong partido ay maaaring magsampa ng aksiyong sibil sa korte sa loob ng 90 araw mula sa pangwakas na utos. Kung magsasampa ka ng aksyong sibil sa korte ng pederal o estado, ang hukuman ay dapat:

- Tumanggap ng rekord ng pagdinig;
- Pakinggan ang karagdagang ebidensya sa kahilingan ng partido;
- Ibatay ang desisyon nito sa nakahihigit na ebidensya; at,
- Magbigay ng kasiguruhan ayon sa ipinasiya ng korte na angkop.

**Kailan maaaring i-reimburse ng utos ng korte ang mga bayad sa abogado? (ECSE lang)**

Maaaring hilingin ng korte sa ODE na ibalik sa iyo ang iyong makatwirang bayad sa abogado kung mananaig ka sa due process hearing.

Maaaring hilingin ng korte sa iyong abogado na bayaran ang abogado ng EI/ECSE program kung ang iyong paghahabol ay "walang halaga, hindi makatwiran o walang pundasyon." Maaaring hilingin sa iyo o sa iyong abugado na magbayad para sa abogado ng programa kung ang iyong paghahabol ay iniharap “para sa anumang hindi tamang layunin” gaya ng panliligalig, o antalahin o dagdagan ang halaga ng paglilitis nang walang dahilan.

**Paano inaalam ng hukuman ang mga makatwirang bayad sa abogado?**

Ang hukuman ay nagbibigay ng makatwirang bayad sa mga abogado gaya ng sumusunod:

1. Dapat na nakabatay ang bayad sa mga rate na umiiral sa komunidad kung saan bumangon ang aksyon o pagdinig para sa uri at kalidad ng mga serbisyong ibinigay. Walang bonus o multiplier ang maaaring gamitin sa pagkalkula ng mga bayad na iginawad.

2. Maaaring hindi ibigay ang mga fee at mga nauugnay na gastos ay hindi i-reimburse sa anumang aksyon o pagdinig sa ilalim ng Part B ng IDEA para sa mga serbisyong isinagawa pagkatapos ng nasusulat na alok ng pagsasaayos sa iyo kung:
    a. Ang pag-alok ay ginawa sa loob ng panahong itinakda ng Rule 68 ng Federal Rules of Civil Procedure o, sa kaso ng due process hearing, sa anumang oras na lalampas sa 10 araw bago magsimula ang paglilitis;
    b. Hindi tinatanggap ang alok sa loob ng 10 araw; **at**,
    c. Napag-alaman ng korte na ang kaluwagan nakuha mo na ay hindi paborable sa iyo kaysa sa alok isinaayos.
3. Sa kabila ng mga paghihigpit na ito, ang pagbibigay ng mga bayad sa abogado at mga kaugnay na gastos ay maaaring ibigay sa iyo kung ikaw ay mananaig at makatwiran sa pagtanggi mo sa alok sa pagsasayos.
4. Maaaring hindi ibigay ang mga bayad na may kaugnayan sa anumang pagpupulong ng IFSP maliban kung ang pagpupulong ay gaganapin dahil sa resulta ng administratibong paglilitis o aksyon ng hukuman. Posible ring hindi ibigay ang bayad para sa pamamagitan.

Ang pangresolusyong pagpupulong ay hindi itinuturing na pulong na ipinatawag dahil sa administratibong pagdinig o aksyon ng hukuman, at hindi rin itinuturing na administratibong pagdinig o aksyon ng hukuman para sa mga layunin ng mga probisyon sa mga bayarin ng mga abogado na ito.

Binabawasan ng hukuman, kung naaangkop, ang halaga ng mga bayad sa mga abogado na ibinibigay sa ilalim ng Part B ng IDEA, kung nalaman ng hukuman na:

1. Ikaw, o ang iyong abogado, sa panahon ng pagkilos o paglilitis, naantala sa hindi makatwirang paraan ang panghuling paglutas ng hindi pagkakaunawaan;
2. Ang halaga ng mga bayad sa mga abogado na awtorisadong ibigay ay lumampas sa di makatwirang paraan sa hourly rate na umiiral sa komunidad para sa mga katulad na serbisyo ng mga abogado na may makatuwirang katulad na kasanayan, reputasyon, at karanasan;
3. Naging labis-labis ang ginugol na oras at mga ligal na serbisyong ibinigay kung isasaalang ang kalikasan ng aksiyon o paglilitis; **o**,
4. Ang abogadong kumakatawan sa iyo ay hindi nagbigay sa EI/ECSE Program ng naaangkop na impormasyon sa paghiling ng due process hearing.

Gayunpaman, posibleng hindi bawasan ng hukuman ang mga bayarin kung matuklasan ng korte na hindi makatwirang naantala ng pampublikong ahensiya ang pangwakas na resolusyon ng aksyon o paglilitis o nagkaroon ng paglabag sa ilalim ng mga probisyon ng procedural safeguards ng Part B ng IDEA.

## MGA BATA NA PUMAPASOK SA MGA PRIBADONG PAARALAN - ECSE LAMANG

**Available ba ang mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa mga bata na**

**ipinatala ng kanilang mga magulang sa isang pribadong paaralan?**

Oo, sa pangkalahatan, ngunit hindi kinakailangan na sa bawat bata. Ang mga bata na ipinatala ng kanilang mga magulang sa mga pribadong paaralan ay maaaring lumahok sa espesyal na edukasyon na pinondohan ng publiko at mga kaugnay na serbisyo. Pinapayagan ng batas ng pederal ang ECSE program na limitahan ang mga pondo ng publiko na ginagastos sa mga serbisyong. Kung ang iyong anak ay tatanggap ng mga serbisyong espesyal na edukasyon sa ilalim ng probisyong ito, makikipagpulong sa iyo ang programa upang bumuo ng isang plano ng serbisyo na naglalarawan sa

mga serbisyong ibibigay sa iyong anak. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay on-site sa pribadong paaralan o sa EI/ECSE program. Kung ang mga serbisyo ay inaalok sa EI/ECSE program, dapat mag-alok ang pampublikong ahensya ng transportasyon para ma-access ng bata ang mga serbisyong ito.

**Kailan iuutos sa programa na i-reimburse ang mga magulang para sa matrikula sa pribadong paaralan?**

Hindi kailangang bayaran ng mga programa ng ECSE ang gastos sa edukasyon, kabilang ang espesyal na edukasyon sa murang edad ng bata at mga kaugnay na serbisyo, ng isang batang may kapansanan sa isang pribadong paaralan o pasilidad kung ang programa ay gumawa ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon na available sa bata at sa halip ay pinili ng mga magulang na ilagay ang bata sa isang pribadong paaralan o pasilidad.

Posibleng iutos ng korte o ALJ na i-reimburse ng ECSE program ang mga magulang para sa gastos sa paglalagay sa pribadong paaralan na ginawa nang walang pahintulot o referral ng programa kung:

- Nakatanggap ang bata ng mga serbisyo ng ECSE sa ilalim ng awtoridad ng EI/ECSE program bago ang pagpapatala sa pribadong paaralan;
- Napag-alaman ng korte o ALJ na sa panahong iyon, hindi ginawang available ng programa ang libre at angkop na pampublikong edukasyon sa bata sa napapanahong paraan; **at**,
- Naangkop ang paglalagay sa pribado.

Maaaring makita ng ALJ o hukuman na ang paglalagay ng mga magulang ay angkop, kahit na ang pagkakalagay ay hindi nakakatugon sa mga pamantayan ng estado para sa mga EI/ECSE program.

**Kailan maaaring bawasan o tanggihan ng korte ang**

**reimbursement sa mga magulang? Paunawa:**

Maaaring bawasan o tanggihan ng korte o ALJ ang reimbursement kung ang mga magulang ay hindi nagbigay ng abiso sa programa ng ECSE na tinatanggihan nila ang paglalagay na iminungkahi ng programa ng ECSE at sinabi nila ang kanilang mga alalahanin at ang kanilang intensyon na ipatala ang kanilang anak sa isang pribadong paaralan na gagastusan ng publiko. Ang abisong ito ay dapat ibigay alinman sa:

- Sa pinakahuling pagpupulong ng IFSP na dinaluhan ng mga magulang bago alisin ang bata sa pagkakalagay sa ECSE; **o**,
- Sa pagsulat sa programa ng ECSE ng hindi bababa sa sampung araw ng bago alisin ang bata mula sa pagkakalagay sa ECSE.

Hindi dapat bawasan o tanggihan ng korte o ALJ ang reimbursement kung hindi ibibigay ng magulang ang abisong ito kung:

- Ang pagbibigay ng paunawa ay malamang na magresulta ng pisikal na pinsala sa bata;
- Hindlangan ng EI/ECSE program ang magulang sa pagbibigay ng paunawa; **o**,
- Hindi nakatanggap ang magulang ng kopya nitong Notice of Procedural Safeguards o hindi naabisuhan ng kinakailangang abisong ito.

Posibleng hindi bawasan o tanggihan ng korte o ALJ ang reimbursement kung hindi ibibigay ng magulang ang abisong ito kung:

- Ang magulang ay hindi marunong bumasa at sumulat o hindi makapagsulat sa wikang Ingles; **o**,
- Ang pagbibigay ng paunawa ay malamang na maging sanhi ng malubhang emosyonal na pinsala sa bata.

**Ebalwasyon**; Posibleng bawasan o tanggihan ng hukuman o ALJ ang reimbursement kung hindi gagawing available ng magulang ang bata para sa ebalwasyon na gagawin ng pampublikong ahensya, kung:

- Nagbigay ang pampublikong ahensiya ng paunang nasusulat na paunawa ng intensyon nitong i-evaluat o muling i-evaluate ang bata;
- Ang layunin ng ebalwasyon tulad ng inilarawan sa abisong ito ay angkop at makatwiran; **at**,
- Binigyan ng pampublikong ahensiya ang magulang ng pabatid na ito bago tanggain ang bata mula sa pagkakalagay sa ECSE.

**Pagiging hindi makatwiran:** Posible ring bawasan ang reimbursement o tanggihan sa oras na malaman sa paglilitis na hindi naging makatwiran ang mga magulang sa kanilang mga aksyon o hindi sila naging makatwiran sa mga gastos sa pribadong programa.

## DISIPLINA AT PAGLALAGAY SA PANSAMANTALANG ALTERNATIBONG SETTING NA PANG-EDUKASYON- ECSE LAMANG

Ipinag-uutos ng pederal na batas na maabisuhan ang mga magulang tungkol sa mga procedural safeguard na may kaugnayan sa pagdisiplina sa paaralan at mga procedure ng paglalagay sa mga alternatibong setting kahit na ang mga procedure na ito ay hindi isinulat na nasa isip ang mga EI/ECSE program.

### Maaari bang masuspinde ang isang bata sa isang ECSE program?

Oo. Maaaring suspindihin ng programa ng ECSE ang isang batang may kapansanan mula sa kasalukuyang paglalagay sa edukasyon alinsunod sa mga kadahilanang pandisiplina ng hanggang sampung sunod-sunod na araw na may pasok kung ang mga batang walang kapansanan ay masususpindi dahil sa pag-uugaling iyon. Maaaring gumamit ang programa ng mga panandaliang pag-alis, kabilang ang pagsuspinde, paglipat ng bata sa isang naaangkop na pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon, o paglalagay ng bata sa ibang setting, sa parehong lawak na paggagamitan ng mga opsyong ito sa mga batang walang kapansanan.

### Maaari bang masuspinde ang isang bata ng higit sa sampung araw na may pasok sa isang taon ng paaralan?

Depende. Maaaring masuspinde ang isang bata mula sa programa ng ECSE para sa karagdagang yugto na hanggang sampung araw na may pasok nang sunud-sunod kung walang "pattern" sa mga pagsususpinde. May "pattern" kung:

- Ang paggawi ng bata ay halos (sa karamihan) katulad ng paggawi ng bata sa mga nakaraang insidente na nagresulta sa seryeng ito ng mga pagkatanggal; **at**,
- Ang iba pang mga salik gaya ng haba ng panahon ng bawat pagsususpinde, ang kabuuang tagal ng panahon na wala sa paaralan ang isang bata, at kung gaano kalapit ang bawat pagsususpinde na nagpapahiwatig ng pattern. Kung ang mga serye ng mga pag-aalis ay bumubuo ng pattern ay natukoy ng EI/ECSE na programa depende sa kaso at, kung hamunin, ay sasailalim sa

pagrepaso sa pamamagitan ng due process at ng mga hudisyal na paglilitis.

Kung mayroong "pattern" sa mga pagsususpinde, maaari lamang suspindihin ng programa ang isang bata kung ang IFSP team ng bata ay nagpasiya na ang paggawi ng bata ay hindi "manipestasyon" ng kapansanan ng bata.

Kung walang "pattern," sa pagsangguni ng mga tauhan ng EI/ECSE sa hindi bababa sa isa sa mga guro ng bata, ang tutukoy kung anong mga serbisyo ang kailangan para makapagpatuloy ang bata pagsulong tungo sa mga tunguhin ng IFSP sa panahon ng pagtanggal.

Maaaring tanggalin ang isang bata nang higit sa sampung sunod-sunod na araw na may pasok (karaniwang tinatawag na "pagpatalsik") kung nagpasya ang IFSP team ng bata na ang paggawi ng bata ay hindi "manipestasyon" ng kanyang kapansanan.

**Kung sinuspinde ang isang bata o pinatalsik ng higit sa sampung araw na may pasok sa isang taon ng pag-aaral, kailangan pa ba ng programa na magbigay ng mga serbisyo ng ECSE para sa bata?**

Oo. Pagkatapos ng unang sampung araw ng pagkatanggal, dapat ibigay ng programa sa bata ang mga serbisyong kailangan ng bata upang patuloy na makalahok sa mga aktibidad na naaangkop sa edad at sumulong tungo sa mga tunguhin ng IFSP ng bata. Maaaring ibigay ang mga serbisyong ito sa ibang lugar, na tinatawag na "pansamantalang alternatibong pang-edukasyong setting.”

**Maaari bang magpasya ang IFSP team na ilipat ang isang bata sa ibang paaralan o programa kahit na ang bata ay hindi sinuspinde o pinatalsik?**

Oo. Bahagi ng IFSP team ang mga magulang na siyaong gumagawa ng desisyong ito. Kailangang nakabatay ang desisyon sa IFSP ng bata at kung ano ang kailangan ng bata para magtagumpay sa paaralan. Kasama ng iba pang mga salik, maaaring isaalang-alang ng IFSP team ng bata ang epekto ng paggawi ng bata sa mga guro at iba pang mga bata.

**Dapat bang bigyan ng programa ang magulang ng paunawa ng aksyong pandisiplina?**

Oo, dapat abisuhan ng programa ang magulang nang hindi lalampas sa petsa kung kailan ginawa ang desisyon na gawin ang aksyon at ibigay sa magulang ang Notice of Procedural Safeguards na ito.

**Paano magpapasya ang IFSP team kung ang paggawi ay isang "manipestasyon" ng kapansanan ng bata?**

Ang IFSP team, kasama ang mga magulang, ay titingin sa lahat ng may kaugnayang impormasyon tungkol sa bata, kabilang ang mga resulta ng pagsusulit, impormasyon mula sa mga magulang, mga obserbasyon ng bata, at IFSP at pagkakalagay ng bata.

Maaaring matukoy ng IFSP team ng bata na ang paggawi ng bata ay isang manipestasyon ng kapansanan ng bata kung:

- Ang paggawi ay sanhi o tuwirang nauugnay sa kapansanan ng bata; **o**,
- Ang paggawi ay ang tuwirang resulta ng hindi pagpapatupad ng programa ng IFSP ng bata.

Dapat gawin ang desisyong ito sa loob ng 10 araw na may pasok pagkatapos ng anumang desisyon na baguhin ang paglalagay ng isang batang may kapansanan dahil sa isang paglabag sa kodigo sa paggawi ng mag-aaral.

**Ano ang mangyayari kung ipinasya ng IFSP team na ang paggawi ng bata ay manipestasyon ng kapansanan ng bata?**

Kung ipinasya ng IFSP team na ang paggawi ay manipestasyon ng kapansanan ng bata, hindi maaaring paalisin ng programa ang bata o suspindihin ang bata nang higit sa sampung sunod-sunod na araw na may pasok

o higit sa sampung araw na may pasok sa taon ng pag-aaral kung ang mga pagtanggal ay "pattern."

Maaaring magdaos ang programa at magulang ng pagpupulong ng IFSP upang repasuhin ang impormasyon, at maaaring gumawa ang IFSP team ng mga pagbabago sa mga serbisyo at/o pagkakalagay ng IFSP ng bata. Kung nalaman ng IFSP team na ang paggawi na kinukwestyon ay tuwirang resulta ng hindi pagpapatupad ng programa ng IFSP, dapat gumawa ng agarang aksiyon ang programa upang remedyuhan ang mga pagkukulang.

Dapat kumpletuhin ng IFSP team ang ebalwasyon ng paggawi ng bata (tinatawag na "functional behavior assessment") at bumuo ng plano ng interbensyon sa paggawi para sa bata. Kung ang bata ay mayroon nang planong interbensyon sa paggawi, dapat repasuhin at baguhin ng IFSP team ang plano, kung kinakailangan, upang mapagtuunan ng pansin ang paggawi.

Maliban sa inilarawan sa ilalim ng ***Espesyal na mga pangyayari***, dapat ibalik ng EI/ECSE program ang bata sa paglalagay kung saan inalis ang bata, maliban kung ang magulang at ang programa ay sumang-ayon sa pagbabago ng pagkakalagay bilang bahagi ng pagbabago ng planong pamamagitan na programa sa paggawi.

**Ano ang mangyayari kung magpapasya ang IFSP team na ang paggawi ng bata ay hindi manipestasyon ng kapansanan nito?**

Kung ang IFSP team ay nagpasiya na ang paggawi ay hindi manipestasyon ng kapansanan ng bata:

- Maaaring gumawa ang programa ng aksyong pandisiplina, tulad ng pagpapatalsik, sa gayunding paraan tulad ng gagawin nito sa mga batang walang kapansanan;
- Dapat tiyakin ng programa na ang mga espesyal na edukasyon at mga rekord sa pagdisiplina sa bata ay ibinibigay sa opisyal ng mga pagdinig sa pagpapatalsik kung kinakailangan ang pagdinig sa pagpapatalsik;
- Dapat patuloy na magbigay ang programa ng free appropriate public education sa bata na naaayon sa mga indibidwal na pangangailangan ng bata, na maaaring ibigay sa isang pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon na itinakda ng IFSP team; at,
- Kung naaangkop, dapat bigyan ng programa ang bata ng functional behavior assessment, at mga serbisyong interbensyon sa paggawi at mga pagbabago upang matugunan ang paggawi ng bata upang hindi ito magpatuloy.

**Mga espesyal na kalagayan:** Maaaring isaalang-alang ng mga tauhan ng EI/ECSE ang anumang natatanging kalagayan sa bawat kaso, kapag tinutukoy kung ang pagbabago ng pagkakalagay na nauugnay sa disiplina, ay angkop para sa isang batang may kapansanan na lumalabag sa pamantayan ng paaralan sa paggawi ng mag-aaral.

**Kailan maaaring agad na aalisin ng programa ang isang bata at dalhin sa ibang paaralan o programa?**

Kung ang paggawi ay manipestasyon ng kapansanan ng bata o hindi, maaaring ilipat ng mga tauhan ng EI/ECSE ang isang bata sa isang pansamantalang alternatibong setting

ng edukasyon (na pinagpapasyahan ng IFSP team ng bata) hanggang sa 45 araw na may pasok sa ilalim ng mga sumusunod na espesyal na kalagayan:

- Ang bata ay nagdadala ng armas sa EI/ECSE program o sa isang EI/ECSE function o nagtataglay ng armas sa paaralan;

- Ang bata ay sinasadyang nagtataglay o gumagamit ng mga ilegal na droga o nagbebenta o humihingi ng pagbebenta ng kinokontrol na substansiya habang nasa EI/ECSE program o isang EI/ECSE function; **o**,
- Ang bata ay nagiging sanhi ng malubhang pinsala sa pisikal ng ibang tao habang nasa EI/ECSE program, sa mga kapaligiran ng EI/ECSE program, o sa isang EI/ECSE function.

**Kailan maaaring makakuha ang isang magulang o programa ng pinabilis na pagdinig upang malutas ang isang hindi pagkakaunawaan sa pagdidisiplina?**

Ang isang magulang na hindi sumasang-ayon sa pagpapasiya ng manipestasyon ng IFSP team o isang desisyon tungkol sa pagkakalagay ng bata ay maaaring humiling ng due process hearing. Maaaring humiling ang programa ng pagdinig kung naniniwala sila na ang pagpapanatili sa kasalukuyang pagkakalagay ng bata ay may malaking posibilidad na magdulot ng pinsala sa bata o sa iba.

Maaaring humiling ang EI/ECSE program ng pinabilis na pagdinig upang ilipat ang bata sa isang pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon nang hanggang 45 araw sa isang pagkakataon kung:

- Malaki ang posibilidad na ang bata ay magdulot ng pinsala sa bata o sa iba pa sa kasalukuyang pagkakalagay;
- Gumawa ang programa ng mga makatwirang pagsisikap upang mabawasan ang panganib ng pinsala sa kasalukuyang pagkakalagay; **at**,
- Ang pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon ay nakakatugon sa mga kinakailangan na makikita sa ibaba.

**Anong mga procedure ang naaangkop sa isang pinabilis na due process hearing?**

Sa tuwing humihiling ang isang magulang o EI/ECSE program ng due process hearing, dapat na idaos pagdinig sa paraang nakakatugon sa mga kinakailangan ng isang regular na due process hearing maliban sa:

1. Dapat isaayos ng ODE ang isang pinabilis na due process hearing, na dapat maganap sa loob ng **20** araw ng pasukan mula sa petsa na hiniling ang pagdinig at dapat magresulta sa nasusulat na pagpapasiya sa loob ng **10** araw na may pasok pagkatapos ng pagdinig.
2. Maliban kung ang mga magulang at ang EI/ECSE program ay sumang-ayon sa sulat na i-waive ang pagpupulong, o sumang-ayon na gumamit ng pamamagitan, dapat maganap ang pagpupulong ng resolusyon sa loob ng **7** araw pagkatapos matanggap ang paunawa ng due process complaint. Maaaring magpatuloy ang pagdinig maliban kung ang usapin ay nalutas sa kasiyahan ng parehong partido sa loob ng **15** araw pagkatapos matanggap ang due process complaint.

Maaaring iapela ng isang partido ang desisyon sa pinabilis na due process hearing sa parehong paraan tulad ng para sa mga desisyon sa iba pang due process hearing.

Dapat idaos ng isang walang kinikilingang ALJ ang due process hearing at gumawa

ng desisyon. Ang ALJ ay maaaring:

1. Magbalik sa batang may kapansanan sa lugar kung saan inalis ang bata kung matukoy ng ALJ na ang pag-alis ay isang paglabag sa mga kinakailangang ito, o ang paggawi ng bata ay manipestasyon ng kapansanan ng bata; **o**,
2. Mag-utos ng pagbabago ng pagkakalagay ng batang may kapansanan sa isang naaangkop na pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon nang hindi hihigit sa 45 araw ng pasukan kung matukoy ng ALJ

na ang pagpapanatili sa kasalukuyang pagkakalagay ng bata ay may malaking ang posibilidad na magdulot ng pinsala sa bata o sa iba.

Maaaring ulitin ang mga procedure ng pagdinig na ito kung naniniwala ang EI/ECSE program na ang pagbabalik ng bata sa orihinal na pagkakalagay ay may malaking posibilidad na magdulot sa pinsala sa bata o sa iba.

Kapag ang magulang o EI/ECSE program ay naghain ng paghiling ng due process hearing na may kaugnayan sa mga usapin sa pagdidisiplina, dapat manatili ang bata (maliban kung ang magulang at EI/ECSE program ay magkasundo) sa pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon habang nakabinbin ang desisyon ng administrative law judge, o hanggang sa mapaso ang panahon ng pag-alis gaya ng inilaan sa ilalim ng mga kinakailangang ito.

**Ano ang mga kinakailangan para sa pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon?**

Ang isang pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon ay dapat na:

- Pahintulutan ang bata na patuloy na lumahok sa mga aktibidad na naaangkop sa edad, bagama't sa ibang setting;
- Pahintulutan ang bata na patuloy na makatanggap ng mga serbisyo ng ECSE at pagbabago, kabilang ang mga inilarawan sa IFSP ng bata, upang magpangyari sa bata na maabot ang mga tunguhin ng IFSP; **at**,
- Magbigay, kung naaangkop, ng functional behavior assessment, mga serbisyong interbensyon sa paggawi at mga pagbabago upang matugunan ang paggawi ng bata upang hindi ito magpatuloy.

## MGA RESOURCES

Ang mga organisasyong pinondohan ng publiko na nakalista dito ay maaaring makatulong sa iyo sa pag-unawa sa procedural safeguards at iba pang probisyon ng IDEA.

Ang iyong lokal na EI/ECSE

program Ang iyong EI/ECSE

contractor

Oregon Department of Education (ODE)
Salem: (503) 947-5782
Web site: http://www.oregon.gov/ODE/Pages/default.aspx

Tanggapan ng mga Serbisyo sa Mag-aaral
Web site: http://www.oregon.gov/ode/about-us/Pages/Office-of-Student-Services.aspx

Family and Community Together (FACT)
Toll Free: (888) 988-3228
Web site: www.factoregon.org

Disability Rights Oregon (DRO)
Portland area: (503) 243-2081
Toll free: (800) 452-1694
Web site: http://www.disabilityrightsoregon.org/

Center for Parent Information & Resources
http://www.parentcenterhub.org/

Ang State Interagency Coordinating Council (SICC) ay nagbibigay ng payo at suporta sa sistema ng serbisyong pambuong istado para sa mga batang may espesyal na pangangailangan at sa kanilang mga pamilya.
Available ang impormasyon tungkol sa konseho at isang iskedyul ng kanilang mga pagpupulong sa ODE sa pamamagitan ng pagtawag sa (503) 947-5731. Available ang impormasyon tungkol sa SICC sa: http://www.oregon.gov/ode/students-and-family/SpecialEducation/earlyintervention/Pages/sicc.aspx

Nagpupulong ang Konseho ng Tagapayo ng Estado para sa Espesyal na Edukasyon (State Advisory Counsil for Special Education, SACSE) ng ilang beses bawat school year. May kasamang panahon para sa pagkokomento ng publiko ang bawat pagpupulong. Available ang impormasyon tungkol sa konseho at isang iskedyul ng kanilang mga pagpupulong sa ODE sa pamamagitan ng pagtawag sa (503) 947-5782.

Available ang impormasyon tungkol sa SACSE sa:
http://www.oregon.gov/ode/students- and-family/SpecialEducation/Pages/sacse.aspx